

ULOS SETYEMBRE 2001 PANGKULTURANG DYORNAL NG PAMBANSA-DEMOKRATIKONG KILUSAN





ANG BAWAT LIKHANG-SINING SA ISYUNG ITO NG AY MAAARING IPALAGANAP SA ANUMANG PARAAN O ANYO; ANG MGA AWIT, TULA, KWENTO, SANAYSAY AT SINING BISWAL AY MAAARING SIPIIN SA MGA PANUNURI AT ITANGHAL SA MGA PULONG-MASA AT MGA PAGTITIPON NG MGA REBOLUSYONARYONG PWERSA; MAAARING ISALIN SA IBANG WIKA AT ILATHALA SA MGA PUBLIKASYON NG PAMBANSA-DEMOKRATIKONG KILUSAN.

HINIHIKAYAT ANG LAHAT NG MGA KASAMA SA KANAYUNAN MAN O SA LUNSOD NA MAG-AMBAG NG KANILANG MGA AKDA AT IBA PANG LIKHANG SINING. ANUMANG MGA PUNA AT SUHESTYON AY MALUGOD NAMING TINATANGGAP SA DIWA NG IBAYO PANG PAGPAPAUNLAD SA ATING REBOLUSYONARYONG SINING AT PANITIKAN.

# *NILALAMAN*


## *Editoryal* 10

## *Maikling Kwento*

Pangayaw! 15
*Joven Obrero*
Kaba sa Aking Dibdib 22
*Kasamang Adi*
Briktru 27
*Kasamang Risa*
Ang Kumprontasyon 31
*Hasmin Silang*
Milagro sa Akyu 35
*M. Gerone Magbanua*
Ang Bulaklak na Gumamela 38
*Karil Andres*
Mga Wais na Misis 43
*Agos Verdadero*

## *Tula*

Hinundayan, Gubatan, Kampalili & Other Peaks 47
*Joven Obrero*
Hinundayan, Gubatan, Kampalili at Iba Pang Bundok
*Salin*
Duryan 50
*Ditan Dimase*
Ang Kamatayon Butang na Kamatuoran 52
*Kasamang Valdes*
Ang Kamataya'y Isang Katotohanan
*Salin*
Militarization 55
*Eman Pablo*

Militarisasyon
*Salin*
Learning 57
*Joven Obrero*
Pag-aaral
*Salin*
Kauban 59
*Kasamang Umol*
Kasama
*Salin*
Sa Bawat Paghihiwalay 61
*Kasamang Risa*
Para Kay Inay 62
*Sali Jeremias*
Dugos sa Bug-os nga Pakigbisog 63
*Godofredo "Ka Paking" Guimbaolibot*
Tamis ng Puspusang Pakikibaka
*Salin*

## *TULA-DULA* 67

## *SANAYSAY*

Ang Ngiti ni Nay Ida 77
*Marti Abril*
Ilang Gintong Butil ng Pag-aalay 81
*Kolektibong sinulat nina Intang Arguelles, Joven Obrero, Agos Verdadero at Ludwig Santos*
Si Lyndon at Si Liam 89
*Agos Verdadero at Kasamang Adi*
Teatro ng Masa 94
*Isaiah Labrador at Nico del Prado*

## *Awit*



DRK 99
Grupong Luthang
DRB
Salin
Kamatuoran 101
*Kasamang Risa*
Katotohanan
*Salin*
Kolektib na Lang 105
*Nico del Prado*
Nokoy Kaghimoon Ta 107
*Kasamang Paolo*
Ano ang Dapat Nating Gawin
*Salin*

*Kwentong Kusina* 109

*Komiks* 113

*Ang Mga Nag-ambag* ***124***

*Pasasalamat / Pagpuna-sa-sarili* 126



Misamis Oriental
Surigao del Sur
Agusan del Sur
CAGAYAN DE ORO CITY
Bukidnon
Davao del Norte
Compostela Valley Province
Cotabato
DAVAO CITY
Davao Gulf
Davao Oriental
South Cotabato
Davao del Sur
GENERAL SANTOS CITY
Sarangani Province
Sarangani Strait
N
W
E
S
Philippines



# Editoryal


PARTS BAGANI '97
HUNYO 11

# Pag-ani sa Timog

SI JOSEPH ESTRADA PA ANG PRESIDENTE NANG tumungo sa Katimugan ng Pilipinas ang patnugutan ng Ulos. Mapalad kami at naroroon kami sa Timog Mindanao habang pabulusok na ang rehimeng US-Estrada. Hindi lamang namin nasusundan ang mga kaganapan sa pambansang antas; kaalinsabay nito'y nasasaksihan din namin at nalalahukan sa isang larangang gerilya ang patuloy na paggulong ng armadong pakikibaka sa kanayunan.

Habang nahaharap si Estrada sa malakas na kilusang protesta at *impeachment* sa Senado, nakikisalamuha naman kami sa mga kasama at masa. Dito namin nakilala at naging kaagapay sa pang-araw-araw na rebolusyonaryong gawain ang mga kadre at kasama sa Partido at Bagong Hukbong Bayan, mga manggagawa, magsasaka at lumad (pambansang minorya sa Mindanao). Kasabay ng kaganapan sa EDSA at pagwawakas ng rehimen ni Estrada ay siya namang pagtatapos sa treyning ng mga kasama at paglulunsad ng isang taktikal na opensiba.

Liban pa sa lahatang-panig na mga rebolusyonaryong tungkulin, naging buhay na karanasan para sa amin ang gawaing pangkultura sa kanayunan. Hindi kaila sa marami na mahaba at mayaman ang tradisyon sa kultura ng Timog Mindanao. Nagaganap dito ang pagtatagpo ng mga lumad, Muslim at ng iba pang nanggaling sa Luzon at Visayas. Subalit kung tutuusin, hindi rin lubos na mauunawaan ang pangkulturang tradisyon dito, kung isasantabi ang mahabang istorikong proseso ng pagsasamantala, pang-aapi at paghati-hati sa mamamayan bunsod ng pandarambong sa likas na yaman dito.

Kaya nama't nakakamangha at nakakataba ng puso ang kakaibang rebolusyonaryong pagkakaisa ng mamamayan sa Timog Mindanao. Dito nagsasama-sama sa isang kilusan ang mga nag-ugat sa mga lumad, Cebuano, Ilongo, Bikolano, Tagalog, at maging Ilokano mula sa Hilagang dulo. Nagkakasundo silang lahat sa rebolusyonaryong pagbabago at sa paglikha ng kultura ng bagong demokrasya. Makikita ito sa nilalaman ng kasalukuyang isyu ng Ulos, na ayon nga sa pamagat ng isang kwento dito ay isang "briktru". Mismong mga kadre't kasama

sa Timog Mindanao ang nag-ambag ng halos lahat ng tula, sanaysay, maikling kwento, kanta at mga likhang biswal para sa isyung ito.

Maaaninag ang lalim ng kahulugan ng paglilingkod sa sambayanan sa mga tula, gaya ng "Tamis ng Puspusang Pakikibaka" at "Hinundayan, Kampalili at Iba Pang Kabundukan." Makikita naman sa mga kwento tulad ng "Ang Kumprontasyon", "Pangayaw" at "Briktru" ang paggagap sa lokal na kalagayan at mga karanasan sa armadong pakikibaka, rebolusyong agraryo at pagtatayo ng base. Sa kauna-unahang pagkakataon, nabibigyan tayo ng buhay na larawan ng mga kasamang bakla na kumikilos sa kanayunan bilang mga kadre at Pulang mandirigma sa sanaysay na "Si Lyndon at Si Liam."

Iba't ibang himig naman tungkol sa mga lumad, BHB at kilusang masa ang maririnig sa mga kanta ng Timog Mindanao. May ispesyal na seksyon din tungkol sa isang dula na batay sa Maikling Kurso sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino. May mga pangkiliting eksena sa seksyong "Kwentong Kusina" at maiikling kwentong tulad ng "Milagro sa Akyu" at "Ang Bulaklak na Gumamela."

Panimulang handog pa lamang ang mga ito mula sa bumubukadkad na gawaing pangkultura sa Timog Mindanao. Kagaya ng kabuuang gawain sa kultura sa ilalim ng kilusang pagwawasto, dumadaan pa rin sa isang panahon ng pagpanibagong-sigla ang sining at panitikan sa rehiyon. Umaasa tayo na mula sa mabungang unang engkwentro nating ito sa Timog Mindanao, patuloy tayong aalukin ng mga kasama at masa roon ng "tamis ng pakikibaka", "briktru", "milagro" at "bulaklak".

Nang lumisan kami'y si Gloria Macapagal-Arroyo na ang bagong papet na pangulo. Nagwakas ang isang rehimen, nasa poder ang bagong lalabanan. Nangyaring sumibol at lumipas ang EDSA II, pero bumukas ang panibagong yugto ng pagpapatuloy ng paglaban. Isang pagsasara at pagbubukas, gaya ng aming karanasan sa Timog Mindanao. Mula sa mga alaalang tulad ng naranasan namin sa piling ng mga kasama, nabubuo ang mga likhang sining na mananatiling bahagi ng kasaysayan ng rehiyon. Mga alaalang matagal na mawawala sa isipan, kung mawawala man.



# *Maikling Kwento*

# Pangayaw!

*Joven Obrero*




ISINAMA KAMING MGA NASA APT (ARMED PROPAGANDA Team) sa mga nanay at kabataan. Inilagay kami sa pinakaligtas na lugar. Kami, na tinuturing na mga mandirigma ng mamamayan, ang siya ngayong inilalagay sa ligtas. Ayaw pumayag ni Datu Mansulimay na

isama kami sa mga bagani. "Ipaubaya n'yo na lang sa amin ang paglaban," aniya.

Tanghaling-tapat sa Batiawan. Walang ingay. Walang maririnig kahit na huni ng mga ibon. Sa dalawang burol sa baryo, tahimik na tahimik din ang may 50 Dibabawon, mga baganing nagkukubli sa gubat. Naghihintay ang mga mandirigma ng *target*. Hawak ang mga pana't sibat. At sa pinakapaborableng pusisyon, nakalagay ang dalawang armalayt na hiniram ni Datu Mansulimay sa yunit ng hukbong bayan.

Sa kabilang ibayo, sa Sityo Katihan, nasa pusisyong pang-ambus din ang mga kalalakihan. Mga mandirigma ni Mosandong. Armado din sila ng mga sibat at pana. Umaabot sa *undersized coy* ang kanilang bilang.

Sa pinakaibabang bahagi, sa daan patungo sa igiban, nakapusisyon ang isa pa ring iskwad. Sinumang kaaway na magkamaling uminom o kaya'y sumalok ng tubig, siguradong tatamaan ng matinding salakay ng mga lumad na ito.

Kahit ang maliit na burol na nakapalibot sa baryo ay nilagyan ng halos 100 na suyak at batik. Matatalas na kawayan ito na tiyak na makakapatay kapag natapakan. Walang kahit maliit na butas na pwedeng lusutan ang mga sundalong kaaway.

Sa totoo lang, okey na ako dito. Ewan ko lang kay Ka Bagwis, ang aming tim lider. Natatakot akong sumama sa mga bagani. Matindi silang bumanat. Walang takot at sanay sa gyera.

Mula nang madeploy ako dito, marami-rami na rin akong nasaksihang labanan. Noong minsan, kami pa ang nag-alis sa tinik na tumimo sa paa ng isang Dibabawon na biktima ng pangayaw. Sa dami ng dugong tumagas, ang akala ko'y mamamatay na siya. Kinabahan ako nang husto pero di ako nagpahalata.

Pero iba si Ka Bagwis. Siguro dahil na rin sa tagal niya sa erya ng mga lumad at sa kilusan. Ewan, pero talagang matapang ang taong ito. Kahit ano yata, kaya niyang harapin. Matapang pero hindi pikon o mainitin ang ulo. Kaya nakikinig sa kanya ang mga lumad, bata o matanda, mayaman o ordinaryong lumad. Kung wala nga siya, baka wala rin kami dito. At sumagi sa aking isipan ang nakaraang ilang araw...

PADILIM NA nang dumating si Datu Mansulimay sa aming posting. Humahangos. Basa ng pawis ang kanyang tubaw at may mga damo

pang nakakapit sa kanyang pantalon. Tahimik siyang lumapit sa kinauupuan ni Ka Bagwis, inayos muna ang dala-dalang sibat bago siya nagsalita.

"Pwede bang makahiram ng armalayt? Bisan darwa lang ka armalayt?"

"May problema ba, Datu?" ang kalmanteng tanong ni Ka Bagwis, sabay abot ng tresbe (tabako) na dinukot niya mula sa lalagyang nakasabit sa kanyang kaliwang dibdib.

"Gagamitin ko para maipaghiganti ang kamatayan ni Ikit!" sagot ni Mansulimay kasabay ng pag-iyak.

Si Ikit pala ang namatay. Ang paboritong pamangkin ng datu. Ang sinasanay niyang papalit sa kanya kung sakaling mamatay siya. Kaya naman pala. Ngayon ko lang nakitang sumusulak sa galit si Mansulimay. Gustung-gusto talaga niyang gumanti.

Kung sa bagay, ang nangyari kay Ikit ay isa ring pagganti mula sa nauna nang pangayaw. Nagsimula ito nang sumama ang isang may-asawang babae sa ibang lalaki. Naglunsad ng pangayaw ang pamilya, gumanti ang kabilang pamilya, hanggang sa halos magkaubusan na ng lahi.

Hindi agad sumagot si Ka Bagwis sa ipinahayag ni Mansulimay. Malinaw ang patakaran. Hindi pwedeng gamitin ang baril ng mga kasama sa pangayaw.

"Ang baril ay para lang sa tunay na mga kaaway, hindi sa mga magkakapatid na katutubo." Ito ang lagi naming idinidiin sa paghawak sa KRL (kilusang rebolusyonaryo ng lumad). Ewan, pero parang hindi maintindihan ng mga lumad kung sino ang tunay nilang kaaway. Dahil kung naiintindihan nila, bakit kinakailangan nilang maglaban-laban?

"Ganito kasi, Datu. Ikinatutuwa ng mga sundalong kaaway kung lagi tayong naglulunsad ng pangayaw. Kung tayu-tayo ang naglalaban, sino pa ang maiiwang lalaban sa kanila?" Sa malumanay na tinig ay inumpisahang ipaliwanag muli ni Ka Bagwis kay Datu Mansulimay ang tungkol sa pangayaw na dapat ay hindi gawin laban sa kapwa lumad o laban sa mga inaapi't pinagsasamantalahang Dibabawon. Dahil may mas malalaki pang kaaway na dapat harapin ang tribu. Dahil may mga dayuhang nais agawin ang kanilang lupang ninuno. Ang mga kumpanyang nagwawasak sa kagubatan. At dahil sa gubyernong

gumagamit ng batas para supilin at lupigin ang tribung lumad.

Hindi umiimik ang datu. Umiiyak pa rin ito. Mandi'y tumatalab sa kanya ang mga binitiwang salita ni Ka Bagwis.

Sinamantala ni Ka Bagwis ang pananahimik ng datu para kausapin at paliwanagan siya tungkol sa malaking problemang kinakaharap ng Batiawan – ang pagpasok ng SEM (Southeast Mining), ang pinakamalaking kumpanya sa pagmimina ng ginto sa erya.

"Ito nga, datu, o," ang patuloy ni Ka Bagwis, sabay bigay sa papeles na may tatak na NOTICE OF EJECTION. "Papaalisin na raw tayo dito sa ating lugar. Tatlong araw lang ang ibinigay nilang palugit. Bukas, ibubuldoser na nila ang buong baryo, kasama ang ating mga bahay at pananim. Mag-uumpisa na raw sila sa pagmimina."

Winagayway ni Ka Bagwis ang papeles sa pagpipilit na maintindihan ng datu ang nakaambang panganib sa tribu. Ngunit hindi nagbago ang mukha ni Mansulimay.

"Huwag muna nating pag-usapan 'yan! Huwag na nating paramihin ang problema!" ang matigas na tugon ng datu. Sa madaling sabi, wala siyang naririnig. Baril lang ang kanyang sadya. Hindi itong papeles na galing sa SEM.

"Basta kami, gagawin namin ang gusto naming gawin," dagdag pa niya. At lumakad na papalayo ang datu.

"Taym 'sa, bay! Datu!" ang habol ni Ka Bagwis. "Mag-usap muna tayo!" Ngunit hindi na nakinig ang pinuno ng tribu.

Hay! Ang hirap talaga. Ang hirap talagang magpaliwanag. Sinisikap mong mailinaw nang maayos ang mga bagay-bagay, bigla ka na lang tatalikuran.

"Sige lang, kasama. Ganyan talaga ang pagkilos," ang sabi ni Ka Bagwis na parang nabasa ang takbo ng aking iniisip. Wala pa akong nakilalang kasing pasensyoso niya. Ngunit sa totoo lang, alam kong nag-aalala din siya. Ilang taon na kaming kumikilos sa lugar na ito pero parang hanggang ngayon, wala pa ring pagbabago.

Nang araw ding iyon, batay na rin sa mungkahi ni Ka Bagwis, pinuntahan namin ang matikadong, ang mga lider ng komunidad. Isa-isa silang pinaliwanagan. Ipinaintindi sa kanila ang kahalagahan ng pagkakaisa para sa hinaharap na laban, ang pagpasok ng SEM.

Kinaumagahan, ipinatawag namin ang SP (sangay ng Partido) para palalimin ang mga napag-usapan. Pero bago ang isyu ng pagmimina, pangayaw pa rin ang nais pag-usapan ng mga lumad. Nagkaroon ng mainitang pagtatalo, laluna sa usapin ng paghiram ng armas sa yunit.

Nagsalimbayan ang malalakas na tinig ng mga lumad hanggang sa maya-maya'y narinig nila ang ugong ng isang makina. Mahina pa sa simula pero papalakas ito nang papalakas. Nakakabinging pakinggan!



Buldoser! Sa init ng debate, hindi namin namalayan ang pagdating ng mga higanteng makina. Dahan-dahan itong umakyat hanggang sa makapasok sa baryo. Hanggang marating ang mga kubo. Agad-agad nitong sinimulan ang pagbuwal sa mga pananim at sa isang kubong malayo sa karamihan. Animo'y isang malaking busaw (halimaw) ang umatake sa Batiawan sa katanghaliang tapat.

Tumakbo ang datu papunta sa buldoser ngunit parang walang nakitang tao ang opereytor. Patuloy ito sa pagbubuldoser.

Hinugot ng isang bagani ang kanyang pana. Ngunit paglingon niya, nakita niya ang isang platun ng Army at mga *security guard* ng kumpanya, papalapit sa kanya.

"Atras! May kaaway! Atras!" sigaw ni Ka Bagwis. Dali-daling nagtakbuhan ang mga lumad.

Sa takbuhan, kasama na pala namin si Datu Mansulimay at ang mga myembro ng SP papunta sa dating postingan namin sa gubat. Noong oras ding iyon, kasama ang mga lider ng komunidad, pinag-usapan namin ang pangyayari at kung ano ang dapat naming gawin.

"Hindi tayo makapapayag sa panghihimasok ng mga dayuhan! 'Yang halimaw na minahan!" galit na galit na pahayag ng datu.

Malalim na ang gabi nang matapos ang pulong. Isang malaking pangayaw ang napagkasunduan. Pero hindi na laban sa kapwa Dibabawon kundi laban sa SEM.

Ewan kung bakit noong mga oras na 'yon, hindi ako nakaramdam ng pagod o takot. Magaan ang aking pakiramdam, laluna nang ipinaalala sa amin ni Ka Bagwis na kinakailangan naming maagang gumising para sa isang importanteng lakad kinabukasan. Pupunta kami sa kabilang sityo. Sa komunidad ni Datu Mosandong, na siyang *target* sana ng pangayaw ni Datu Mansulimay. Aayusin namin ang pagtigil ng pangayaw na laban sa isa't isa. Isang tampuda o ritwal ng pagbabalik-loob ang magaganap. Puputulin ang tali at ititigil ang pag-aaway-away.

Kaming nasa APT ang papagitna. Ang maglilinaw sa dalawang grupo. Hay! Salamat na lang at nangyari ito. Hindi talaga dapat nag-aaway ang kapwa lumad.

"Tayong mga lumad, dapat nagkakaisa, dahil meron pang mas malaking kaaway na dapat nating harapin," matapang na sermon ni Datu Mansulimay. Masayang-masaya ako sa aking narinig.

ITO ANG kwento kung bakit narito kami ngayon. Dito sa dalawang burol na puno ng mga pana't sibat, patibong at mga bagani. Samantalang sa kabilang ibayo, mayroon ding nakapusisyon na mga taga-Katihan sa pangunguna ni Datu Mosandong. Isang malaking pangayaw ang magaganap laban sa mga mapagsamantala.

Ngayong araw. O kinabukasan ba kaya? Siguradong dadaan sa bahaging ito ang mga sundalo ng SEM. Kasama ang Army. Tingnan natin kung sino'ng matapang. Kinakabahan ako sa dugong aagos. Pero di ako nagpapahalata ng takot. Narito kami sa pinakaligtas na lugar.

At anuman ang mangyari, sigurado akong hindi kami pababayaan ng masang Dibabawon.

# Kaba sa Aking Dibdib

*Kasamang Adi*



ALAS 4:40 NG MADALING ARAW. "KAS, KAS ALAN! MERON ka bang baong kanin diyan? Mahapdi na ang aking sikmura. Nahulog kasi sa ilog na tinawid natin kanina 'yung dala kong nakabalot sa dahon ng saging." Sus! Mabuti na lang at tinawag ako ng kasamang katabi ko; pinapapak na ng langgam ang sarili kong baon. Kaning malamig,

plas nilagang itlog at tuyo, ikwals almusal. Nahirapan akong lunukin ang pagkain kahit gutom. Naninigas na rin ang aking lalamunan sa tindi ng lamig. Namamanhid ang aking buong katawan sa dalawang oras na pagkakadapa. Walang *tent*, wala ni sako na mayayakap.

Buong gabi kaming naglakad. Mahigpit ang patakaran, bawal magplaslayt. Nakapaa lamang 'pag grabado ang daan. Hay! Bituka ko na lang yata ang walang pulikat dito. May ilang kasamang dumadaing sa napakalayong lakaran. Kesyo, bakit daw sa gubat pa dumaan, gabi naman ang lakad. Makakarating kaya kami nang maaga nito?

"Nahulog sa butas si Kasamang Kwatog! Abutan ng tali. Kuyumin ang plaslayt. Ayan na. Shh, pasa walang ingay." Malalaman talaga dito kung sino ang maiksi ang pasensya sa lakaran. Gayunman, maiging pagsasanay ito sa pagtangan ng disiplina. Kung ano ang tatagal, ang pasensya o ang lakaran. Kailan kaya ako matututo ng tatlong S (*secrecy, speed, surprise*)?

Pangalawang beses na itong pagsisikap na makuha ang regular na kilos ng kaaway. Pinag-aralan ang mga daan at tereyn para sa *staging*, widrohan at pusisyunan. Noong una, ikakasa na sana ang trabaho. Ngunit nabulabog ang plano nang malasing si Mang Tinong at mapadaldal nang husto sa tindahan. Resulta, may ilang masa ang binugbog sa interogasyon ng mga gwardya ng konsesyon. Wala namang umamin. Pero may ilang nagsilikas. Mula noon, inilihim na kay Mang Tinong ang lahat ng gawain ng KTO(Komiteng Tagapag-organisa). Pinalipas muna ang ilang buwan bago binalikan ang *target*.

ALAS 4:45. Kinse minutos na lang at dadaan na ang kaaway. Isang puting *van* na Kia na serbis ng mga gwardya. Lahat ay galing sa militar- - kung hindi man aktibo'y mga retiradong sundalo. Walo palagi ang sakay ng *van* kasama ang drayber at puro malalakas na kalibre ng riple ang dala. Nagrerekorida ito tuwing Martes mula Crossing hanggang Base 3. Pagkatapos, mag-aabang ng maliliit na mangangahoy, ligal man o hindi. Walang pinipili. Hahanapan ng butas ang sinumang pinaghihinalaang nanguha ng kahoy o tabla sa konsesyon.

Ang taktikal na opensibang ito'y matagal nang hinihiling ng masa mula sa anim na baryo. Marami nang kargadang tabla ang kinumpiska




ng mga gwardya. Kasama na rito ang mga tablang gagamitin sana ng KTO para sa itatayong upisina at tindahan ng kooperatiba, na mahalaga sa pagpapasigla ng mga komunal na kailangan ng mga organisasyong masa.

Marami nang masa ang kinumpiskahan ng mga pedidos at tabla na gagawing bahay. Binabaklas at sinusunog pati dingding na nakakabit na sa bahay. Kinukumpiska pati kalabaw at *chainsaw*. At kung merong papalag ay bugbog-sarado. Meron na ngang pinatay. Kay daming bawal! Bawal kumuha ng kahoy sa konsesyon ng Philwoods. Bawal magsaka. Kahit lupa mo ito. Kahit lupang minana ng mga katutubo sa kanilang mga ninuno.

ALAS 4:50. "Nakapwesto na ba ang mga yunit milisya sa bawat iskwad?" tanong ni Ka Jaco, ang CO. "Tiyakin na nakapasok na ang

kaaway sa *killing zone* saka banatan. Hintayin natin ang pinakahuling ulat ng *monitoring* at kumand."

"Kas, dagdag sigasig." Mayroong namumutla sa mga kasama. May mangiyak-ngiyak. May nag-aastang matapang. Pero wala na marahil mas hihigit pa sa aking nararamdaman; parang maiihi, matatae, masusuka na di ko mawari. Apat na beses na akong nakatikim ng depensibang labanan. Una ko pa lang itong karanasan sa opensibang labanan. Pwes, ilalabas ko lahat ang tapang ko rito. Ngunit bakit kaya di humuhupa ang aking nerbiyos. May kaba sa aking dibdib.

Makapagpaputok kaya ako? Baka mabulabog ako? Masindak. Matamaan. Mamatay. Baka dumating kaagad ang reimporsment ng kaaway. Manindigan lang. Maglingkod sa bayan. Kailangang pag-aralan ang lahat ng tungkulin bilang mandirigma ng hukbong bayan. Nanumpang buhay man ay ialay.

"Kas Alan, wala na talagang mapaglagyan ang aking kaba. Ano na lang ang mangyayari sa nililigawan ko kung may mangyari sa akin dito?" narinig kong sabi ng isang kasama.

"Di ako na lang ang papalit," pabirong sagot naman ng kanyang katabi.

ALAS 4:55. Shh, "Andiyan na ang kaaway," pasa ng *monitoring*. Tahimik ang lahat maliban sa kalabugan ng mga dibdib at mabilis na ritmo ng puso. Mayroon pang napapautot sa kaba. Alerto ang tila lumaking mga tenga at mata. Makapagpaputok kaya ako? Baka ako mabulabog? Ma-*shock*. Matamaan. Mamatay. Pakiramdam ko'y beinte kilo ang M-16 na hawak ko at tila nangangalay ang aking daliri.

ALAS 5:00. Umabot na sa dulo ng unang *blocking* ang nguso ng *van*. "Banat!" Bra-ta-ta-ta-tat, bra-ta-ta-ta-tat! Umuusok ang mga baril ng *main body*. May dalawang kaaway na nakatakbo. "Singgol payr! Isa-isang putok!" Prak-pak-pak! *"Blocking* sa tulay, bilis!"

Sa loob ng 25 minutong bakbakan, tatlo ang patay at dalawa ang sugatan sa mga kaaway. Dalawa ang nakatakbo. Nakumpiska ang tatlong malalakas na kalibreng riple. "Atras!" Mabilis at tiyak ang kilos ng bawat isa. Sa kabila ng pagod, magaan ang katawan ko. Nawala ang kaba sa aking dibdib. Kahit saan ako lumingon, nakangiti ang lahat ng mga kasama. Maaliwalas ang kanilang mukha.

ALAS 8:30. Malayo pa sa Sityo Napis, bigla kaming nakarinig ng mga yabag sa kalsada. “Pasa hinto. Alerto!” atas ng kumand. Awtomatikong pumusisyon ang buong pwersa. Bumalik ang kaba sa aking dibdib. Sa pagliko sa kurbada, lumakas ang mga boses. Lumakas ang mga yabag at gayundin ang kalabog sa aking dibdib.

Maya-maya’y tumambad sa amin ang papalapit na masa. “Yehey, yehey! Nadaug, nadaug!” Nag-unahan sila sa pagsalubong hanggang sa mapuno ang kalsada. Nagpalakpakan at nagsayawan ang mga bata. May ilang naglambitin sa mga kasama. May mga kasamang binuhat ng masa, habang nagsasabing, “Daug kita, daug kita! Walang makakatalo!” Napapaiyak ang matatanda. May humahagod sa mukha, sa balikat, sa buhok. Hagod doon, hagod dito sa mga kasama. Abot tenga ang ngiti ng mga kasama. Galak na galak. Tumalab hanggang sa kaibuturan ng aming dibdib.

Naniniwala na ako!

# Briktru

*KASAMANG RISA*




SA BINTANA AY TANAW NA NILA ANG PAGDATING NG mag-asawang Luis at Flor. Nagkatinginan sina Ka Cosme at Ka Dodong at sabay na ngumiti. Noon pa nila pinaplano kung paano humarap sa isang alyado. Kinakabahan ang dalawang kasama.

Puro oryentasyon ang baon nina Ka Cosme at Ka Dodong. Pinagpraktisan pa nila ang mangyayari, nagdrama pa sila. Nabuo sa kanilang isipan na parang basketbol ito, unang syut lang ang mahirap. Bagamat bago ito sa kanilang karanasan, kailangan nilang mangahas dahil nakasalalay sa pag-uusap ang nalalapit na pag-aaral ng Pambansa Demokratikong Paaralan (Padepa).

"Tao po, magandang umaga po," sabi nina Luis at Flor.

"Tuloy, tuloy kayo," sagot ng may-ari ng bahay. Sa bahay na ito itinakda ang paghaharap nina Luis at Flor at ng hukbong bayan.

"Maupo kayo. Magbasa muna kayo at aalis muna ako. Sandali lang." Iniabot sa mag-asawa ang isang isyu ng *Pasa Bilis,* ang pangmasang pahayagan ng rehiyon. Muntik nang mapunit ang dyaryo sa mga kamay ng mag-asawa dahil sabay nila itong hinablot.

Hindi nagtagal, dumungaw mula sa kusina ang tatlong myembro ng Armed Propaganda Team (APT). "Magandang umaga po," pagbati ng nauuna, ang tim lider ng grupo.

"Magandang umaga rin," sagot ng mag-asawang medyo kinakabahan.

"Ako pala si Kasamang Cosme, sila sina Kasamang Randy at Kasamang Dodong."

"Ako naman si Luis at ang aking misis na si Flor."

Pagkatapos magkamayan, umupo sina Ka Cosme at Ka Dodong habang nagpapakulo ng tubig si Ka Randy sa kusina. Huminga nang malalim si Ka Cosme bago niya binasag ang katahimikan.

"Manong Luis, hindi na po kami magpapaliguy-ligoy pa. Nakipagkita kami sa inyo dahil nais naming makipag-unawaan. Hindi naman marahil kaila sa inyo ang pagkilos namin sa inyong lugar."

"Siguro naman po'y alam na rin ninyo na dalawa na ang gubyerno sa kanayunan, ang gubyerno ng mga mapagsamantala at ang gubyerno nating mamamayan," dagdag na paliwanag ni Ka Dodong.

"Oo," sagot ni Manong Luis matapos maibuga ang usok ng kanyang sigarilyo. "Matagal na naming gustong makipagkita sa mga kasama. Dito sa amin, kami na lang siguro ang hindi pa nalalapitan."

"Akala pa nga namin, pinagdududahan n'yo kami bilang intelidyens," sabi naman ni Manang Flor.

"Kumukulo na ang tubig, magkape na tayo," sabi ni Ka Randy mula sa kusina. Naudlot ang pag-uusap. Buti na lang, inalok sila ng kape at hindi muna kailangang tugunan ang maselang bagay na sinabi ni Manang Flor.

Nagpatuloy ang pag-uusap habang nagkakape.

"Hindi po kami nagdududa sa inyong pagkatao," naisagot na rin sa wakas ni Ka Cosme. "Huli na po kayong nilapitan dahil inoorganisa pa po namin ang mga magsasakang may matinding problema sa kanilang pananim. Sana po'y marapatin ninyo na maipaliwanag namin nang mas maayos."

"Uhmm, kaya pala," reaksyon ni Manang Flor.

"Mayroon ba kaming maitutulong?" dagdag ni Manong Luis. Sa sinabi niyang 'yon, gumaan na ang loob ni Ka Cosme.

"Mabuti po at sa inyo nagmula ang ganyang kataga. Lumalawak,

lumalim at lumalakas po ang ating kilusan. Kasabay nito, lumalaki rin ang ating mga pangangailangan. Kailangan nating magkaisa't magtulungan. At naririto po kami upang humingi ng tulong sa inyo, kung inyo pong mamarapatin."

Tumango si Manong Luis sabay tingin sa malayo, ngumiti, humithit nang malalim at ibinuga ang usok ng sigarilyo. Pinagmasdan niya ang galaw ng usok. Bumalik ang mga nagdaang panahon. Ang panahon ng paglihis. Ngayon, nakikita na niya ang kaibahan sa pagkilos nina Ka Cosme sa kanilang lugar– sila na magagalang, tapat at hindi arogante.

Hindi kaila kay Manong Luis ang mga tulong na naidulot ng kilusan sa kanilang lugar–sa mga may sakit, sa patubig, sa bayanihan, sa mga pag-aaral at iba pang pangangailangan ng kanilang lugar. At alam niyang dito mapupunta ang kanyang kontribusyon. Hindi na ito sinabi ni Manong Luis kina Ka Cosme. Hindi na kailangan.

"O, inumin na ninyo ang kape't lumalamig na!" sabi ni Manang Flor na para bang matagal na niyang kaibigan ang mga kaharap. Sabay nilang hinigop ang medyo maligamgam nang kape.

Tinawag si Ka Dodong ni Ka Randy na kanina pa nakikinig malapit sa kusina. "Kas, baka gusto niyo pa ng mainit na kape? Heto't kumukulo na."



“Oo nga, bakit hindi?” sagot ni Ka Dodong, sabay pasok sa kusina.

“Kas, pang buwanan ‘yan, e ang pang-Padepa? Sa susunod na araw na ito at ni bigas wala pa tayo,” pabulong na tanong ni Ka Randy.

Naramdaman ni Ka Dodong ang pag-aalala ni Ka Randy at pakalma niyang sinabing, “Huwag kang mag-alala, hinding-hindi natin malilimutan ‘yan.”

“Pakikuha mo muna ako ng sigarilyo,” sabi ni Ka Randy.

“Magbilot ka muna diyan ng tabako, malapit nang matapos ito, maghahagilap na lang tayo mamaya,” sagot ni Ka Dodong.

Nang bumalik si Ka Dodong, nagkakamayan na at paalis na ang mag-asawang alyado.

“Sandali lang po, sandali lang,” sigaw ni Ka Randy at patakbo itong nanaog. Kinabahan si Ka Dodong, baka humingi si Ka Randy para sa Padepa, *wrong timing* na. Ngunit iaabot lang pala ni Ka Randy kay Manong Luis ang isang kopya ng *Pasa Bilis*.

“Meron na kami,” sabi ni Manang Flor.

“Bago ito,” sagot ni Ka Randy.

“Salamat, aalis na kami,” pamamaalam ng mag-asawa.

“Salamat din,” wika ni Ka Randy.

Humihingal na bumalik si Ka Randy at nag-aalalang pabulong na nagtanong, “Paano na ang Padepa?”

“Oo nga,” dagdag ni Ka Dodong.

Nakayuko ito at sinabing, “Ay naku! Mga kas, nakalimutan ko!”

Masikip ang dibdib na umuwi ang tatlo. Mabigat ang kanilang mga paa. Walang imikan.

Ngunit bigla na lang bumulalas ng tawa si Ka Cosme. “Biro lang, mga kas, nangakong tutulong ang mag-asawa. Matutuloy din ang ating Padepa!” At napasabay ang dalawa sa kanyang pagtawa. “Sa wakas, briktru talaga!”

# Ang Kumprontasyon

*HASMIN SILANG*



MASYADONG MAINIT ANG PANAHON, NAALINSANGANAN yata ako. Parang hindi ako mapakali, hindi ko maintindihan ang aking nararamdaman. Marahil, tensyon itong dulot ng paparating na pagputok ng kilusang masang antipyudal na wala pa man din akong karanasan.

Tumatahol ang aso. Dumungaw ako sa bintana. “Hasmin, halika na, dumating na sila,” tawag sa akin ni Rudy, ang tagapagsalita sa nasabing kumprontasyon. Kasama niya si Delia, ang pinakamilitanteng babae at tim lider sa komiteng pang-organisa ng kababaihan, at si Jackson, ang iskwad lider ng yunit milisya.

“Handa na ba ang masa?” tanong ko sa kanila.

“Handang-handa na,” sagot ni Jackson.

“Okey lang ba ang paligid? Wala bang pasa?” dagdag ko.

“Okey lang, Hasmin, pinakilos natin ang lahat ng milisya para i-*monitor* ang paligid,” paniniguro ni Jackson.

Dumating na ang mga sasakyan ng panginoong maylupa. Isang *pick-up* na pula at isang puting kotse. Nanlaki ang mga mata ng mga nagsibaba nang salubungin sila ng may 50 magsasaka. Hinarap ko sila kahit ako’y kinakabahan. Ups, paalala ko sa sarili, huwag kang pyudal, mga panginoong maylupang mabangis at mapagsamantala ang mga ‘yan.

“Hello! Ikaw si Hasmin?” tanong ng babaeng sa tingin ko’y napaka-istrikta.

“Oo,” sagot ko.

“Ako si Naty, ang panganay ng may-ari nitong niyugan,” pakilala niya.

“Bakit napakarami namang tao? Hindi ba tayo lang ang mag-uusap?” tanong ni Naty na halatang natatakot.

“Pakinggan mo muna sila bago tayo mag-usap,” sagot ko naman. “Ilan ba kayo?”

“Apat kami, Hasmin,” sagot nito.

Hinarap ko ang masa. “Sige, halikayo’t mag-umpisa na tayo.”

May nakatalungko, nakatayo, may nakapangalumbaba, may lakad nang lakad. Iba’t iba ang kanilang asta at porma. Naghihintay ng umpisa at ang ilan ay parang urong-sulong.

Kakamayan sana ni Delia ang kanyang amo ngunit hindi nito tinanggap ang kamay ng una. Pagkaupo ng apat na magkakapatid, inumpisahan agad ni Rudy ang pagsasalita. “Tatlong beses na kayong nagpadala ng pulis dito kaya narito kami ngayon. Kulang talaga ang aming parti.”

“Totoo talaga ‘yan. Ultimo bao, hinahatian pa n’yo,” sabat ni Delia.

“Kung hindi kayo sang-ayon sa hatian, bakit di na lang kayo

lumayas?" Tumayo ang panginoong maylupang si Naty. Nakapamaywang.

"Kayo na nga ang pinapakain sa aming mga palad, kayo pa ang nagrereklamo!" galit na dugtong ng kapatid niyang lalaki.

Palihim na bumulong kay Delia ang isang kasamang kinakabahan, "Kas, baka mapaalis tayo rito."

"Kung hindi kayo papayag, 'yan ay nasa inyo," sagot ng isa pang kapatid ni Naty.

Ngunit iginiit ni Delia na dapat talagang baguhin ang sistema ng hatian. "Kami ay hindi lamang sa partihan pinagsasamantalahan. Pati mga anak namin ay pinapatrabaho n'yo sa inyong bahay nang walang bayad. Mabuti kayo, walang masyadong gastusin."

"Ang inyong mga anak, naglalakad lang at pwede na ang baon na kamote. Ang mga anak namin inihahatid-sundo pa ng sasakyan. Bibilhan mo pa ng gatas at iba pa," pangangatwiran ng panginoong maylupa.

"Aha! Ibig mong sabihin, dahil porke mahirap kami, hindi na kami pwedeng uminom ng gatas?" ani ni Delia.

"Hoy Delia, ikaw talaga, ang daldal-daldal mo, kaya natuto tuloy lumaban ang mga 'yan! Kaya ngayon din, lumayas ka na sa niyugan namin!"

Biglang lumapit si Delia sa panginoong maylupa, sabay turo sa lupa at malakas na nagsalitang, "Hindi ko akalaing dito pa lamang ay palalayasin n'yo na kami. Pwes, lalayas ako, pero aani muna ako ng dalawang koprasan at hindi ko kayo papartihan!"

Katahimikan, walang ingay maliban sa mga bulungan ng masa sa paligid. Sumenyas si Rudy sa akin na nagpapahiwatig na hindi na nila kaya. Uuwi na raw muna sila at babalik na lamang uli.

Hindi. Hindi pwedeng magtapos sa ganito, naisip-isip ko. Mahihirapan na sa susunod na laban kung aatras kami ngayon. Pulang-pula man ako sa galit ay walang lumalabas sa aking bibig. Ay, bahala na, kailangan may mangyari.

Pumagitna ako at sa wakas ay naibulalas ko rin: "Alam n'yo ba kung bakit merong NPA? Dahil diyan sa mga ugali ninyong makademonyo!" sabay bagsak ng aking kamay sa gitna ng mesa.

"Ay, sa wakas. Nakalusot din," bulong ng isang masa sa gilid.

Halatang nabigla ang magkakapatid, natameme sila. Laluna nang

idinagdag ko pang, "Ano 'yang pinagsasabi n'yong pinapakain n'yo kami sa inyong palad? Maniniwala lamang ako kung ngayon mismo'y maaakyat ninyo ang isang puno ng niyog!"

Sumagot si Naty na parang nauutal, "A, e, hindi ako marunong umakyat e." Di nagtagal ay tumangu-tango ito. "Sige, papayag na kami sa iginigiit ninyo. Pero tatawad kami na maliit lang muna ang itataas ng inyong parte. Sa susunod na taon, dadagdagan namin. Pero hati tayo sa lahat ng gastos. Payag na rin kami sa mungkahi ni Delia sa pagkopras niya ng dalawang beses bago siya umalis sa aming lupain."

"Anong tingin n'yo, Rudy?" tanong ko.

"Okey na kami sa unang umento at dagdag na umento sa hatian sa susunod na taon," sagot ni Rudy.

"Okey na rin na hati sa gastos," dagdag ni Jackson.

"Ikaw, Delia?" sabi ko sa kanya.

"Lalayas na talaga ako dito, makakabili naman ako ng maliit na niyugan mula sa dalawang koprasan. Magkakaroon din ako ng lupa pagdating ng tamang panahon," paasar na sumbat ni Delia sa apat na magkakapatid.

"Sige, 'yon lang, aalis na kami," wika ni Naty.

At gumaan na rin ang aking dibdib. "Sige, pasensya na kayo kanina, ha? Naging emosyonal ako. Baka magsumbong kayo sa kaaway, ha? 'Pag ginawa n'yo 'yan, hindi talaga kami magdadalawang-isip na muli kayong kumprontahin." At nagsialis na rin ang apat na magkakapatid.

"Kongrats, mga kasama!" tuwang-tuwang bati ng masa. "Maraming salamat sa inyong pagtulong."

"Tingnan n'yo. Basta nagtutulungan at nagkakaisa tayo, walang suliraning hindi natin malulutas, gaano man ito kalaki o kaliit," matatas kong paliwanag.

"Magtatasa tayo sa ating trabaho sa makalawa," pahabol ni Rudy.

"Doon tayo sa bahay maghapunan," matamis na ngiting anyaya ni Delia sa akin. At saka siya lumapit at bumulong, "Kasama, magpupultaym na ako."

# Milagro sa Akyu

*M. Gerone Magbanua*



"KASAMA, NASAAN NA ANG NA-*STERILIZE* NA KARAYOM?" tanong ni Ka Boboy sa kasamang medik na si Ka Jasmine.

"Ilang piraso ba, kas?" sagot naman ni Ka Jasmine habang binibilang nito ang mga karayom na ibinabad sa alkohol.

"Isa lang. Isang punto lang naman ang ating tutusukan."

"Tama kaya ang ating *diagnosis*, kas?" pagdadalawang-isip na tanong ni Ka Jasmine.

"Hmmm, a basta. Dapat nating tandaan na, di ba, ating napag-aralan sa treyning sa akyu na ang dahilan ng pagkakasakit at pananamlay sa sistema ng ating katawan ay ang pagkakabara o di tamang pagdaloy ng *qi*."

"Pero hindi pa natin mawari kung ano ang kanyang partikular na nararamdaman at saan banda ang may diperensya."

"Tsk, tsk. Talagang mahirap nga 'yan, kasi hindi man lang siya makapagsalita."

"Tingin ko mukhang sandali na lang ang kanyang buhay, kas. Hindi na niya magawang tumayo at hindi na n'ya kayang ituwid ang kanyang ulo."

"Tama sigurong dito sa ulo natin iturok ang karayom."

"Wala akong tiwala't di ako panatag, kas."

"O sige, ako na ang bahala diyan. Paki-*disinfect* na lang sa tuturukan ko."

"Sandali lang kas, nagpaalam ka na ba kay Tata Lucio? Meron na bang pahintulot niya?"

"Oo, alam naman niya ang kalagayan. At isa pa, wala na raw siyang magagawa kundi ang hintayin ang resulta ng ating 'operasyon'. Ipinauubaya na niya sa atin ang lahat."

"Aba, para pala tayong makapangyarihan dito, kas."

"Sandali nga, namimitig na kaya ito?"

"Hindi natin malalaman hangga't wala pa siyang reaksyon."

"Magtatagumpay kaya tayo dito, kas?"

"Tayong mga medik ay maparaan upang epektibong malapatan ng lunas ang ating mga pasyente. Dapat tayong magkaroon ng kakayahang makalampas sa limitasyon. Kaya nga tayo lumalahok sa treyning na ito ay para madagdagan ang ating kaalaman at karanasan.

"O siya, siya. Pero, ano'ng tingin mo sa ginagawa nating ito?"

"Kow, kung  may positibong sinyales sa loob ng treynta minutos, di okey."

"E, kung wala?"

"Hmmm, huwag muna tayong magsalita ng ganyan. Ay, limang minuto na pala. Paikutin muna natin ang karayom para sa *reducing*!"

Dumaan ang ilang sandali, patuloy ang halinhinan ng dalawang kasamang medik sa panggagamot, pangangalaga ng pasyente at iba pa. Habang patuloy ang paglalapat nila ng akyu. Nang may bigla silang napansin…

"Tingnan mo, kas, bumubukas na ang kanyang mga mata—at kumurap-kurap pa!"

"Ay, gusto pang tumayo!" Natatawa ang dalawang "duktor".

"Saksespul!" wika nila.

DUMARATING SI Tata Lucio. "'Saan na ang manok natin, kas?"

"Ayun ho, 'Tay! Lumipad na po palabas ng bintana!" Sabay turo sa kanilang pasyenteng inahin na biglang sumigla na wari'y walang anumang karamdaman matapos maakyuhan.

Lumipad, umikut-ikot, tumuka ng bigas at kumampay-kampay pa ang mga pakpak nito, bago ito dumapo sa sanga ng aratiles.

"Hindi ba't parang mamamatay na ang aking manok kanina?" Di makapaniwala si Tata Lucio sa nakikita.

"Oo nga, 'Tay. Kagila-gilalas pala talaga ang bisa ng akyu," wika ni Ka Boboy.

"Kung paakyuhan ko kaya yung tandang ko, siguradong manalo kaya ako sa sabong?"

Blag! May biglang nahulog sa tabi ni Tata Lucio.

Ang kanyang inahin–naglulupasay. Pumikit ang mga mata.

"Ay, nag-*expire* na siguro ang akyu!"

# Ang Bulaklak ng Gumamela

*MARTI ABRIL*



"KASAMA, MAGDALA KA NA RIN NG PASALUBONG SA iyong mahal!"

"He-he-he," ang kantyaw ng isang kasama.

"Uuuy!" ang pamuling sabay-sabay na kantyaw ng iba pa. Nag-iinit ang pakiramdam ko kapag naiisip ko ang mga matang nakatuon sa akin.

"Heh," ang bwelta ko. "Magaling lang talaga kayong mang-inis, 'no? Inggit lang kayo." Lalong nagtawanan ang mga kasama. At sa sobrang saya, halos nabulunan ang isang kasama sa kanyang pagkain.

Hindi ko na pinansin ang pangangantyaw ng mga kasama. Inihahanda ko ang aking sarili sa limang oras na paglalakad. Medyo malayu-layo rin itong aming pupuntahan. Iskedyul ng bisita ko kay Ka Luis. Di ko na maintindihan ang nararamdaman kong pananabik.

Pagkatapos kong maihanda ang aking mga gamit, binitbit ko na ang aking pak. Kasama ko si Tay Timong, isang responsableng masang aktibista sa aming erya. Siya ang giya ko sa aking pupuntahan.

Tinahak namin ang mahabang daan. Ahon, lusong, ahon. Pagdating namin sa tuktok ng isang burol, nagpaalam si Tay Timong.

"Kas, ihi, muna ako, ha," at dali-dali itong pumunta sa isang kubling lugar. Habang hinihintay siya, bumalik sa aking isipan ang mga unang araw na nagkatagpo kami ni Ka Luis. Noon pa ma'y napagkatuwaan na kami ng mga kasama at pinagkaisahang ipares dahil kapwa kaming walang karelasyon. Marahil ay nadala rin ako sa propaganda ng mga kasama dahil sa mga sumunod na araw ay gustung-gusto ko nang nakakasama si Ka Luis. Gustung-gusto ko rin siyang tingnan kahit pa hindi siya nagsusuklay. Ang dali-dali pa niyang patawanin.

Kaya naman pagkatapos ng isang taon ng pagkakakilanlan bilang magkarelasyon, nagdesisyon na kaming magpakasal. Sinang-ayunan naman ito ng mga kasama. Hindi ko makalimutan ang huli naming pagkikita. Ang sabi niya sa akin, "Ling, kung magkalayo man tayo ng dahil sa gawain, lagi nating tandaan na tayong mga rebolusyonaryo ay tulad nitong mga bulaklak ng gumamela. Tayo rin ay dinidilig at pinapupula, ng pakikibaka at ng masang ating pinaglilingkuran."

"Day, Kas Ling!"

Ay, oo nga ano? Teka, asan na kaya itong si Tay Timong? Bakit kasi ang tagal-tagal naman niyang umihi? Lalo kaming matatagalan. Nilingon ko ang pinanggalingan ng tinig.

"Andito lang ako, kas," patuloy ni Tay Timong. Hindi maipinta ang kanyang mukha. Gaga-munggong pawis ang tumutulo sa kanyang noo, habang hinihimas niya ang kanyang tiyan. "Parang nagtatae ako, Kas Ling."

"Paano na kaya ito, 'Tay?" Natakot ako at nag-alala sa kanyang kalagayan. "Kaya n'yo pa po ba, 'Tay?" Kinuha ko ang gamot sa aking pak at iniabot kay Tay Timong. Nag-alala na ako sa aming kalagayan, lalu na't nasa liblib kami ng kagubatan.

"Huwag kang mag-alala, kas. Ganito talaga ako, madaling masira ang tiyan," sabi ni Tay Timong, sabay ngiti at nag-ayang magpatuloy na kami sa paglalakad.

Ang bilis-bilis naman niyang maglakad. Kinailangan ko tuloy lakihan ang aking mga hakbang. Sira kaya talaga ang tiyan nito?

"Pagkatapos ng burol na iyan, andiyan na tayo," ani Tay Timong, sabay turo sa burol na nasa harapan namin. Hay, salamat. Ngunit sa likod ng burol ay ilang bundok pa pala ang aming tinawid.

SINALUBONG KAMI ng mga kasama. "Kumusta ka naman?" tanong ng isang kasama. Mahaba-haba rin ang aming napag-usapan sa pag-oorganisa at pagpapaunlad ng mga OG o *organizing group*, ng sangay ng Partido, pati na rin ng mga kilusang masa, at sa pag-aalaga at pagpapaunlad ng mga kadre. Masaya rin naming pinagkwentuhan ang pagdisarma sa isang detatsment ng pulis.

Pero naubos na ang lahat ng pwede naming pag-usapan ay wala pa ring Ka Luis.

"Kas Ling, dito ang posting ni Kas Luis, baka gusto mo nang magpahinga," ang sabi ng isang kasama. Kinuha ko ang aking pak at umupo malapit sa posting. Nagkalat ang mga libro sa duyan ni Ka Luis. "Sus, ang kalat talaga ng taong ito."

Habang inaayos ko ang mga libro at ang aking mga gamit, naulinigan kong tinatawag ako ni Tay Timong. "Nagmimiting pa pala sina Kas Luis diyan sa may bandang unahan," aniya. Napansin siguro ni Tay Timong ang aking pagkadismaya. Tila may gusto pa itong sabihin pero wala namang lumalabas sa kanyang mga bibig.

"A, ganun ho ba?" ang tangi kong nasabi. Pinakiusapan ko si Tay Timong na bukas na lang umuwi at magpatsek ap muna sa mga taga-medikal. Isa pa, nag-uumpisa na ring dumilim.

Naramdaman ko na ang pagod. Siguro dahil sa inis at pagkadismaya. Sinindihan ko ang gasera at humiga sa duyan. Kinuha ko ang isang libro at binuklat ang mga pahina nito. Paulit-ulit kong binasa ang ilang

piling kataga sa *Yenan Forum* ni Mao. "Sa ngayon, ang pag-ibig ang ginagawang panukat, ngunit meron pang mas mahalaga sa lahat. Makakamtan lamang ang tunay na pag-ibig sa sangkatauhan … Kung mawawala na ang uri sa buong lipunan."

"LING, KAS." Tinig ni Ka Luis. Parang bumilis ang tibok ng aking puso. Biglang nawala ang antok ko. Nagtulug-tulugan. Napansin kong madilim na rin pala ang paligid. Marahil natutulog na rin ang mga kasama. Mataman kong pinakiramdaman ang mga kaluskos sa aking paligid.

"Ling, Ling, nasugatan ako, o. Ayaw maampat ang pagdugo."

Biglang napadilat ang aking mga mata. Dali-dali akong bumangon, lumabas sa aking malong at umupo sa duyan. Muntik pa akong mahulog sa lupa.

"Asan?" sabay tingin ko sa kanyang mukha habang nagtatanong. At gayun na lamang ang pagkahiya ko. Bisto ako. A, talaga namang ang linis at gwapo ng aking asawa ngayon.

"Asan ba talaga ang sinasabi mong sugat?" ang muli kong tanong sa kanya.

Pero ngumiti lang si Ka Luis. "Wala, niloloko lang kita," sabay bigay sa akin ng isang sariwang pulang gumamela. Nagtagpo ang aming mga mata. Dumaloy sa akin ang kaligayahan.



"Sori ha, tinapos pa namin ang miting. Naaalala mo ba yung problema sa bukirin diyan sa may Sta. Ines? Bukas na pala ikakasa ang kilusang masa. Kinakailangang konsolidahin ang lahat ng mga nakuhang datos." Naramdaman ko ang marahang haplos ng kanyang kamay sa aking balikat.

"Kinakailangan ding pag-isahin ang mga kasama dito at higit sa lahat, ang masa na siyang mangunguna sa ating pinakikipaglaban. Si Tatay Ikong, nangungumusta nga pala sa iyo." Napabuntong- hininga ako habang pinagmamasdan ko s'yang nagkukwento.

"Matagal-tagal ka na rin palang di nakakabalik sa Sta. Ines, ano? Di makalimutan ng masa doon ang inyong tim. Maganda nga sana kung nakaupo ka kanina sa miting pero alam naming pagod na pagod ka pa." Wala. Wala akong naintindihan sa kanyang mga sinasabi. Wala akong naririnig. Sumagi sa aking isipan ang pag-aalay n'ya noon ng pulang gumamela.

"Alam mo ba? Sa totoo lang, iyang bulaklak ng gumamela, si Tay Timong ang pumitas."

"Ano! Pambihira ka!" Umalingawngaw ang aking tinig sa buong posting. Sabay kaming napatakip ng bibig ni Ka Luis. Buti na lang, hindi nangantyaw ang mga kasama. Tahimik kaming sumabay sa simoy ng hangin at sa kagandahan ng bulaklak ng gumamela.

# Mga Wais na Misis

*AGOS VERDADERO*




HABANG NAGLALABA ANG ILANG KABABAIHAN SA ILOG, bigla na lang bumulaga mula sa kasukalan ang isang iskwad ng mga sundalo.

"May nakita ba kayong mga NPA?" mabagsik na tanong ng sarhento, ang lider ng grupo.

Nagkalabitan ang mga naglalaba kung sino ang sasagot, ibig sabihin sino ang marunong managalog.

"Isang bulan na sir, dumaan dito," sagot ng isa.

Nagkatinginan at alerto ang nanlalalim na mga mata ng walong

sundalo na animo'y mga tandang na naulanan.

"Ba't hindi n'yo inireport?" mapanakot na tanong ng sarhento. "Siguro mga asawa o mga anak ninyo ang iba sa kanila, ano?"

"Hindi, sir, nagauma lang ang aming mga bana," sagot ng isang babae.

"'Pag may nakita kaming mga NPA sa bahay n'yo, madadamay kayo. Kaya irereport ninyo sa detatsment kung may NPA dito sa lugar n'yo," paalala ng pasistang sundalo.

"Alis na mo, sir?" tanong ng isang babae nang papaalis na ang mga sundalo.

"Mukhang pinapaalis n'yo na yata kami," sagot ng sarhento na palipat-lipat ang tingin sa mga babae. Maya-maya'y napansin niya ang santambak na labahin ng isa. "Marami ka yatang labahin, manang?" tanong nito.

"Daghan akong anak, sir," sagot ng tinanong.

"Baka NPA ang iba d'yan ha, manang?"

"Hindi, sir, nagsasaka lang talaga kami, sir."

Nang makaalis na ang mga sundalo, biglang lumitaw mula sa masukal na lugar sa tabing-ilog ang isang babaeng nakayapak lamang. "Naipasa ko na," humihingal na sambit nito.

Napa-hay salamat ang babaeng santambak ang labada habang dali-daling kinuha ng iba ang mga damit na kanila pala. At sa kailaliman nito, lumantad ang isang pares na dyaket at pantalong patig!

"Bakit ikaw pa kasi ang naglaba niyan?"

"Hay, ganito talaga kapag matagal nang hindi nakikita ang anak!" sabi ng babaeng santambak ang labada, sabay banlaw sa mga patig.

"Ay! Bumalik ang mga sundalo!"

"Asan? Asan?" reaksyon ng babaeng santambak ang labada. Matapos masiguro ang paligid ay kinuha niya ang isang palu-palo at itinutok na parang baril sa nagtatawanang kasamahan niya.

"Sige kayo, may patig na ako, may armas pa! Pwede na akong mag-NPA!"



# *Mga Tula*


# Hinundayan, Gubatan, Kampalili & Other Peaks

In memory of Ka Dags (Cesar Cayon), who guards these mountains

*Joven Obrero*

Was it like this in Hinundayan?
Did the fog gently touch the mountains in farewell?
Did the smell of alangilan fill the air?
Did the wind weep in sadness?
I stood on a slope and wondered how you fell.
Even Mawe, our dear friend, would not tell.
I heard they took your head.
It doesn't matter. Let the enemy have their silver.
It doesn't matter. Hadn't we known it would be like this?
Had we not prepared ourselves for this?
I close my eyes, still there is this wound that would not heal.
Grieve, grieve no more, comrade.

In another mountain called Gubatan
We sowed our name on the land until it bloomed.
Ay, what laughter passed
Between us and the peasants
As we learned their tongue, their heart,
Singing songs of love and freedom.
Do you remember how the fog danced when in
The morning we tiptoed from the hut to touch hands?
Your eyes went heavy with love
When you sang to sleep our child.
Grieve, grieve no more, comrade.



In another age, another hill called Kampalili,
Where streams are clearer, peaks are higher,
We walk along the mountain path:
Each wound, each grief is etched in memory.
The child has grown, a young man walks,
Sturdy and strong: how fast he climbs,
Putting away the mist and fog, higher
And higher still for the final hour,
As the enemy detachment sleeps below,
Awaiting death. The mountains soon
Will enclose them, surprise the demons in their lair.
The final reckoning, the people's war.
Grieve, grieve no more, comrade.

## Hinundayan, Gubatan, Kampalili at Iba Pang Bundok

Sa alaala ni Ka Dags (Cesar Cayon), na bantay sa kabundukang ito
*Salin*

Kagaya rin ba dito ang Hinundayan?
Dumampi ba sa kabundukan, namamaalam, ang mga ulap?
Ang alangilan ba'y humahalimuyak sa paligid?
May luha sa likod ng haluyhoy ng hangin?
Sa dalisdis ng bundok, inisip ko kung paano ka bumagsak.
Ayaw magsalita kahit ni Mawe, kaibigang matalik.
Narinig kong kinuha nila ang ulo mo.
Kahit ano pa man. Kunin na ng kaaway ang kanilang gantimpala.
Kahit ano pa man. Hindi ba alam na nating magiging ganito?
Hindi ba inihanda na natin ang sarili para sa ganito?
Sa kabila ng pagpikit-mata, may sugat na hindi humihilom.
Huwag, huwag nang malumbay, kasama.

Sa isa pang bundok, kung tawagi'y Gubatan,
Ipinunla natin ang ating pangalan sa lupang namulaklak.
Ay, kung anong kagalakan ang namagitan
Sa atin at sa mga magbubukid
Habang tinutuklas natin ang kanilang wika't diwa
Habang ang puso'y umaawit ng pag-ibig at kalayaan.
Naaalala mo ba ang nagsasayawang ulap sa umaga nang
Mula sa kubo tayo'y patiyad na humakbang, nangungumusta?
Ang mga mata mo'y namimigat sa pag-ibig
Habang inihehele ang ating anak.
Huwag, huwag nang malumbay, kasama.

Sa isa pang panahon, sa munting bundok ng Kampalili,
Mas malilinaw ang mga sapa, mas nagtatayugan ang kabundukan,
Tinalunton natin ang landas sa bundok:
Mga kawalan at sugat na di malilimutan.
Ngayon ang bata'y lumaki na, isang binata na ang naglalakad,
Matatag at malakas: mabilis siyang umakyat,
Hinahawan ang mga ulap at hamog, umaahon
At umaahon hanggang sa kataas-taasan.
Sa ibaba, binabangungot ang destakamento ng kaaway,
Naghihintay ng kamatayan. Mula sa kabundukan
Papaligiran, sisindakin ang mga nakakubling demonyong
Pagbabayarin sa huling paniningil ng digmang bayan.
Huwag, huwag nang malumbay, kasama.

# Duryan

*Ditan Dimase*

Hindi mo mahahawakan
nang mahigpit ang duryan.
Iigkas ito, at iuulos ang tinik
na depensa ng buong katawan.
Sanlibo't isang magpapadugo
sa gahamang kamay
na nagtatangkang dumurog
sa  kanyang kalamnan;
Ang bawat bakal na tinik
ay iisang bigwas na idadagok
sa ulo ng kasakiman.

Hindi mo masasaklawan
ang duryan. Laging hawak
ng laman nito ang inisyatiba ng kataasan;
nakakubli sa kadawagan, mga dahong
berde at dilaw.
Pupwesto ito doon sa mga burol, sa mga lambak,
kung saan naroroon ang nagtutunggaling
lamig ng pagsibol at init ng pamumunga;
Magsusupling ang mga butong inihasik
ng mulat at kusang paglaglag, at pagkalat,
upang umugat nang malalim
sa lupang inaaruga ng araro't kalabaw.
Kasuknong ng palayang
unti-unting nagkukulay rosas
at pumupula.

Hindi mo maikukulong
nang matagal ang duryan.
Tatakas at tatakas ito
at kakanlungin ng hangin
ang kanyang samyo't kaanyuan.
Maglalakbay ito sa mga bibig
na sinabik ng taggutom,
at doon ay mamamalagi
upang magkalaman ang
sikmurang pinanganga ng karukhaan.
Hindi, hindi mo mapipiit
ang duryan. Pupuslit at pupuslit ito
sa mga bukirin at mga pabrikang
namihasa sa amoy ng kaapihan.



# Ang Kamatayon Butang Nga Kamatuoran

KASAMANG VALDEZ

Ang kamatayon butang angay hinumduman
Sa mga kabus ug nilupigan
Ikaw kanunay among gipangandaman
Kay kon ikaw moabot dili namo matag-an.

Unos sa kusog nga bul-og nga singgit sa masang gidaug-daug
Kuyog ang ilang pangandoy'g tinguha nga maabo
Kining dugay na nilang giantos nga kagutom, taliwala
Sa kaaway nga mapintas pa sa tigre ug leon.

Ang laraw sa birdogong kaaway pakigbisog pukanon
Apan dili kapugngan dugoong pagsukol padayong molig-on
Kay ang gatilyo sa pusil gihuptan sa mabagang tudlo
Dungan niining kabliton sa walay puas nga buto.

Kinabuhi sa kamatayon nagdungaw ug nagbung-aw sa kakuyaw,
Bisan pa man niining tanan, dili igsapayan, kay ang dugay ng gisindihan
Nga sulo sa paglaum karon miulbo ug misilaob ang kalayo ug mokoyanap
Sa kinapungkayan sa taas nga pag-antus ug makasaysayang kadaugan.

Ikaw kauban among gipahinungdan,
Bisan subo ug sakit pamation sa among mga dughan,
Ikaw dili na makita sa among panan-aw
Apan ang imong lakang ug pangandoy mga kahayag sa mga damgo.

Diha sa imong pagmata sa mabulokong kabuntagon,
Ikaw madasigong mipahiyom ug miwara-wara sa mga kamot,
Diha sa malipayong kabus uyamot, maoy buhing larawan ug handumanan
Nga midulot sa among galamhan nga dili daling mahanaw.

Kauban, sud-onga ang miduyog karon diha
Sa imong kiliran, midagayday ang mga luha
Ug nagbakho ang mga dughan,
Timaan nga bahandi sa yutang kabiling imong gipakamatyan.

Ang imong mga tunob mapatik sa kasaysayan,
Kay ikaw mipanaw paingon ngadto sa lubnganan,
Kasubo ug kamingaw dawaton ang tanan
Kay ang kamatayon butang nga kamatuoran.

## Ang Kamataya'y Isang Katotohanan

*SALIN*

Ang kamataya'y bagay na dapat alalahanin
Ng mga inaapi at pinagsasamantalahan
Ikaw na aming laging pinaghahandaan
Dahil kung kailan darating di mahuhulaan.

Unos at agos ng baha ang sigaw ng masang inaapi
Kasabay ang kanilang mga pangarap at mithiin
Na wakasan itong matagal nang hinaharap na hamon
Sa gitna ng kaaway na mabangis pa sa tigre at leon.

Ang hangarin ng berdugong kaaway ay wasakin ang himagsikan
Ngunit di mapigilan, madugong paglaba'y patuloy na tumitibay.
Ang gatilyo ng baril, kakalibitin ng daang-libong daliri,
Sabay-sabay, walang tigil!


Ang buhay sa kamataya'y dumudungaw, nasa bingit ng panganib
Hindi mo alintana, ang matagal nang nasindihang sulo ng pag-asa
Ngayo'y sumisiklab, nagliliyab, lumalaganap
Sa dulo ng pagtitiis ay liwanag ng tagumpay.

Ika'y aming pinararangalan
Kahit malungkot at masakit damhin
Na ika'y maglalaho sa aming paningin
Liwanag sa ating mithiin ang iyong halimbawa at pangarap.

Ang alaala ng iyong sigasig at sigla sa pakikipag-ugnayan sa masa
Ang iyong paggising sa isang maaliwalas na umaga
Ay buhay na larawan at alaala
Sa kaibuturan ng aming puso'y laging nakadambana.

Kasama, pagmasdan mo ngayon sa iyong tabi
Umaagos ang mga luha, sumisikip ang mga dibdib
Buhay ang pamana sa lupang noo'y tigang,
Na iyong pinag-alayan ng buhay.

Mauukit sa kasaysayan ang iyong mga yapak.
Ikaw ay pumanaw, papunta na sa libingan
Lungkot at pangungulila'y tatanggapin naming lahat
Dahil isang katotohanan ang kamatayan.



# Militarization

*Eman Pablo*



Burnt wood, the smell of everything ancient
Bends the mind to furious grief.
Yesterday's plague of dark men left
Ashes in place of ramshackle huts,
Bombs carving craters on fields.

Mornings are cold pools of light
Drowning us, shell-shocked and bullet-ridden.
Nestled in the dead silence of these hills,
A sense of vengeful loss stalks us

Turning grim our resolve.
Amid these broken fields, we
Yield to the call of counter-arms.
Overhead, the sun rages, flaming red.

# Militarisasyon

*Salin*

Naghihimagsik ang isipang binabagabag ng
Amoy ng mga sinaunang bagay at sunog na kahoy.
Kahapon, may salot ng mga katauhang madidilim
Nanalanta't iniwang abo ang mga tagpi-tagping kubo,
May mga lamat ng bomba sa lupang nilinang.

Malalamig na danaw ng ilaw ang mga umagang
Lumulunod sa ating niyanig ng mga bomba't bala.
Nakaluklok dito sa patay na katahimikan ng mga burol,
May damdamin ng paghihiganti sa ating kalooban


Tumindi ang ating kapasyahan.
Sa gitna ng mga bukiring dinurog,
Sa hiyaw ng ganting-salakay tayo'y pinupukaw.
Sa itaas, nagngangalit ang araw, nagbabagang pula.



# Learning

*JOVEN OBRERO*

Fog's here with us again, stealthy
shadow of the camp,
gray enemy flanking us from left
to right. Thus must we read the temper
of the skies: no sunshine here but steady rain
and cold wind beating on our tents.
I try to burrow deeper
in my cot of fertilizer sacks, still
the cold wind seeps into my bones
like some unknowing errors of the past.
Some wound, some death that would not leave
'til the most essential grief is learned.
Had you lived would you have understood?
I light the kerosene lamp and start
to read again the darkened page.
Words are blurred at first as in the mist
but slowly take on meaning
to describe the mountain maze,
the fragile lives and this red
red sun that's hidden by the fog
of our unbelief. I move outside
and watch the light battling with the dark.
Rain now turns to drizzle as fog lifts.
There's comfort here knowing
tonight there may be stars
and tomorrow will be fair weather.



# Pag-aaral

*SALIN*

Kapiling na naman natin ang mga ulap, aninong lihim
sa kampo, katunggaling maputi na gumigilid sa atin.
Sa ganito nababasa ang kalagayan
ng panahon: wala nang araw dito kundi tuluy-tuloy na ulan
at malamig na hanging humahampas sa atip.
Sinubukan kong sumuot
sa aking higaan ng mga lumang sako, ngunit
tumatagos sa buto ang malamig na hangin
tulad ng mga di gagap na kamalian ng nakaraan.
May sugat, may kamatayang hindi nawawala
hangga't di natatalos ang kaibuturan ng lungkot.
Kung nabuhay ka ba'y mauunawaan mo na ang lahat?
Sinindihan ko ang gasera at muling
binuksan ang pahina sa kulimlim.
Unti-unting humuhugis ang mga katitikang
sa simula'y may lambong, ngayo'y nabubuo,
tulad ng natutuklasang laberinto ng bundok
sa paglaho ng kaulapan, tulad ng mga talusaling buhay, at itong
araw, pulang-pula, na naghihintay sa likod ng alapaap
ng ating kawalan ng tiwala. Lumipat ako sa labas
at pinagmasdan ang tunggalian ng liwanag sa dilim.
Ang ulan ay paambun-ambon na lamang
sa pagpawi ng mga ulap.
May kaluwagan sa loob ngayon
at baka may mga talang lalabas mamayang gabi
at bukas maaliwalas na ang panahon.

# Kauban

*KASAMANG UMOL*

Sa palad tang nag-akob
Kainit sa pakigbisog
Hugot tang gipanumpaan.

Sa nagkalayo mong anino
Nakita ko ang madasigon
Mong mga lakang, walay pihong
Adlaw kon kanus-a magkita pag-usab.

Sa halayong dapit nga imong
Kapadulngan, naghulat ang nagkadaiyang
Gimbuhaton, tahas sa Partido paga tumanon.

Apan sa wala mo dahoma
Ikaw mikurog, nangutana
Kaaway ning abot sa imoha
Walay pusil, walay bala
Sa gimbuhaton makabalda
Tumang kasakit gi-agwanta
Sa malarya naigo ka.



# Kasama

*SALIN*

Sa palad nating nagdaop
Init ng pakikibaka'y
Mahigpit nating sinumpaan.

Sa lumalayo mong anino
Nakita ko ang masigasig
Mong mga hakbang. Hindi tiyak
Ang araw ng muling pagkikita.

Sa malayong lugar na iyong pupuntahan
Naghihintay ang iba't ibang gawain
Tungkulin ng Partido'y gagampanan.

Ngunit sa di inaasaha'y
Ika'y nanginig, nagtanong
May dumapo sa 'yong kaaway
Walang baril, walang bala,
Sa gawai'y nakakabalda.
Matinding sakit iyong kinaya
Tinamaan ka ng kamandag ng malarya.

# Sa Bawat Paghihiwalay


*Kasamang Risa*

Nagdaop ang ating mga palad
Noong tayo'y magkita
Syeyring ng karanasan
Ay ating ginawa.

Biglang na-reyd ang ating pagtitipon
Tayong lahat nakaligtas, kaaway pa'ng nalagasan
Sa ating pag-atras, mga bomba'y tumutugis
Ganting putok sa atin, suntok naman sa hangin.

Sa tulong ng kabundukan at iginagalang na masa
Ligtas tayong nakalabas sa kanilang pagkubkob
Sa lakara'y gutom at pagod, bato't mga tinik
Ang ating pinapapak habang nanginginig.

Di magagapi ang mapanlabang diwa
Sa puso at isip ng mga api
Ito ang wala sa ating kalaban
Ito ang garantiya ng ating tagumpay.



Nagdaop ang ating mga palad
Sa ating paghihiwalay
Init ng pakikibaka'y
Lalupang ginatungan ng mga kaaway.

Habang papalayo ka na sa akin
Hakbang mo'y masigasig, puspusan sa gawain
Sa iyong pupuntahan sa pagganap ng tungkulin
Naghihintay ang masang ating mumulatin.

Darating ang araw ng muling pagkikita
Maaaring ikaw na lang o ako o tayong dalawa
Ngunit sa araw na ito na ating dinadakila
Alam nating liligaya ang mga anak-dalita.

# Para Kay Inay

*Sali Jeremias*

Sa muli kong pag-alis
Hindi ko kakalimutang iligpit
Ang mga itinabi mong gamit,
sipilyo
tuwalya
tsinelas
at ilang damit,
Na inyong ipinalit.

Mag-iiwan ako ng bakas,
Hindi putik sa sapatos
Mula sa babalikang larangan,
Kundi masasayang alaalang
Nakaukit sa puso
At munting katahimikan
Sa gitna ng ligalig.



Marahan kong bubuksan ang pinto
Upang huwag lumagitik.
Sa gayo'y di kayo magigising,
At di liliparin palabas
Ang huling sulyap ng gerilyang dumalaw.
Mamamaalam ako sa gitna
Ng inyong pagkaidlip.

P.S. Mahal na mahal kita, Inay
Kahit na hindi ko alam
Kung kailan tayo muling magkikita.


# Dugos sa Bug-os nga Pakigbisog

(ALANG KINA KA BOBIT, LING UG MARLY)
*GODOFREDO "KA PAKING" GUIMBAOLIBOT*

Lain-laing dalan ang imong gilatas
  Taliwala sa kagabhion
Naghambin og mga damgo, nagpanday
  Og mga pangandoy,
Susama sa mga anunungga sa
  Naglugitom nga kangitngit
Nagpangita kamo sa kahayag
  Gikan sa suga sa kamatuoran
Hain kini makaplagan?

Sa dughan sa katawhang linupigan
  Imong nakita ang dan-ag sa kahayag
Nagsandig kamo sa huni sa mga tambol
  Sa martsa sa mga dinaugdaug
Gitagbo ang atong mga dalan sa kainit
  Sa diwa sa proletaryong pakigbisog
Uban sa nahigmatang masa ginagiok sa
  Atong mga tiil ang bukog sa mga mapahimuslanon
Ah! Haduol na ba ang kadaugan?

Gilatas ninyo ang mga tagaytay sa
  Maguboy-uboy ug Pangapugan
Dili kalikayan ug susama sa uban
  Nadakin-as kamo sa liko-liko ug lapukong dalan,
Sa dan-ag sa nahimatngong diwa ug kaisog
  Kamo mibangon ug sa paglakaw mipadayon
Naligo sa busay sa Sayapu diin ang tubig
  Makahinlo sa mga kalag nga nahugawan
Ah! Kagaan sa pagbati sa nahinloang dughan!



Hinambin ang bag-ong kusog gikatkat ninyo
Ang hataas ug liku-likong busay sa Bangangan
Aron pupuon sa pungkay ang matahom
Nga mga bulak sa ilang-ilang
Ug ihalad kini sa tiilan sa masakiton
Nga inahang nasud,
Diin ang bugtong tambal mao ang alimyon
Ug duga sa talagsaong bulak
Ah! Katam-is sa dugos sa bug-os nga pakigbisog!

Apan sa kalit lang ang mga demonyong pasista
Mipaulan og mga hiniloang bala
Mipatay sa inyong mga lawas, hinunoa mipakita
Sa dili malumpag ninyong baruganan!
Natisok kamo sa dughan sa masang katawhan
Gimatuto sa mga awit ug pagdayeg
Ang midagayday nilang mga luha mihugas
Sa nagkadugo ninyong kalag.
Ah! Katahom sa mga bayaning gihalad panglingkawas
Sa nasud nga linupigan!

Ka Bobit, Ka Ling, Ka Marly ang mga susama
Ninyong miula sa inyong mga dugo
Nagasilbing sugnod nga nagapakusog
Sa kalayo sa pakigbisog
Nagahinlo sa mga taya ug hugaw, nagabaid
Sa mga espada sa linupigan
Mas daku ang mga samad, mas lalom ang mga
Tampok sa lawas sa higanteng madaugdaugon
Ah! Inihap na ang adlaw sa itom nga
Agila sa kasadpan!

# Tamis ng Puspusang Pakikibaka

*(PARA KINA KASAMANG BOBIT, LING AT MARLY)*

*SALIN*

Iba't ibang landas ang inyong tinahak
Sa gitna ng kadiliman
Yakap ang mga pangarap, pinapanday
Ang mga mithiin.
Tulad ng mga ginagabi
Sa malawak na karimlan,
Hanap nyo'y ang tanglaw
Mula sa ilaw ng katotohanan:
Saan ito matatagpuan?

Sa dibdib ng inaaping sambayanan
Nakita ninyo ang tanglaw ng liwanag,
Nagtiwala kayo sa dagundong ng mga tambol
Sa martsa ng mga inaapi.
Nagsalubong ang ating mga landas sa init
Ng diwa ng proletaryong pakikibaka,
Kasama ang masa, dinudurog ng ating mga paa
Ang buto ng mga mapagsamantala.
Ay! Malapit na ba ang tagumpay?

Tinawid ninyo ang tagaytay ng
Maguboy-uboy at Pangapugan
Hindi maiwasan na katulad ng iba
Nadulas kayo sa liku-liko at maputik na daan.
Sa gabay ng inyong diwa at katapangan,
Kayo'y bumangon at nagpatuloy sa paglalakbay,
Naligo sa talon ng Sayapu; doon ang tubig ay
Nakakagaling sa katawang may sakit.
Ay! Kay sarap damhin ang lunas sa dibdib.

Angkin ang panibagong lakas, inakyat ninyo
Ang mataas at liku-likong talon ng Bagangan,
Upang sa dulo'y pitasin ang kaygandang
Mga bulaklak ng ilang-ilang
At nang ito'y maialay
Sa paanan ng Inang Bayang nagdurusa.
Sa kanya na ang tanging lunas ay ang halimuyak
At katas ng di pangkaraniwang bulaklak.
Ay! Kay tamis ng sanghaya ng puspusang pakikibaka!

Ngunit 'sang araw mga demonyong pasista'y
Nagpaulan ng mga balang nakakasindak
Pinatay ang inyong mga katawan, pero tandaan nila,
Kailanma'y di mayayanig ang inyong paninindigan,
Di kayo mamamatay sa alaala ng masa
Hahandugan kayo ng kanilang mga awit at papuri
Huhugasan ng kanilang luha
Ang duguan ninyong mga katawan.
Ay! Kay giting nyo'ng mga bayani
Sa pagpapalaya ng ating bayang inaapi!

Ka Bobit, Ka Ling, Ka Marly, ang mga katulad
Ninyong nag-alay ng buhay
Nagsisilbing gatong na nagpapalakas
Sa lagablab ng apoy ng himagsikan!
Tinatanggal ang mga kalawang at mali,
Hinahasa ang sundang ng masa ng sambayanan.
Mas malaki ang sugat, mas malalim ang
Baon ng ulos sa dibdib ng higanteng mapang-api
Ay! Bilang na ang mga araw ng itim na
Agila sa kanluran!

---

Maguboy-uboy-- malaking bundok sa Cateel, Davao Oriental
Pangapugan-- malaking bundok sa Baganga, Davao Oriental
Talon ng Sayapu-- paliguan ng mga babaylan para sa *spiritual cleansing*
Si **Ka Bobit** ay kadreng lumad na pinaslang sa Caraga, Davao Oriental noong Marso,1999.
Sina **Kasamang Ling** at **Marly** ay mga kadreng organisador na pinaslang ng mga berdugong militar sa Baganga, Davao Oriental noong Hunyo,1999.

# Tula-Dula

## Masa

Tugtugaok, tugtugaok
Oras na usab sa pagmata
Katugnaw wala panumbalinga
Panginabuhi kinahanglang sugdan na.
Suot ang mantsahon nga sinina
Gihikot ang sundang sa hawakan
Ilisan, likitan suksok sa kabi
Pwede nang mag-opisina si Manggub.

Sa sayong kabuntagon
Yamog kanimo nagpandong
Gilatas ang sapa ug lisod nga dalan
Paingon sa opisina nga lasang.

Katkat-hangad, katkat-hangad
Haay! Kahabug pa sa sak-onon
Aron taas nga uway
Makuha og putlon.

Hawan-hawan-bira
Uway kuhaan sa tunok ug buko
Hawan-hawan-bira
Uway limpyo na.

Lingkod sa bato
Likit sa gamay'ng tabako
Suyop-buhot, suyop-buhot
Tambal sa katugnaw nga gibati mo.



"Peste ning alimatoka ni!
Nanginabuhi pod sa tawong nanginabuhi."
Nagbutod nga alimatok sa kabusog
Gibira, gitadtad ug gipisat.

3/8, ¼, 7/8 ug *good*
Klase-klaseng gidakon tanan kuhaon
Uway nga pundo kinahanglan padaghanon
Sa pamilya dunay ikapakaon.

Payat nga mga bata
Sa bintana, mitagbo naghilak
Asawa wala pa nakaluto
Niadto sa uma nangutkot og kamote.

"Hilum na mga bata
Kamote luto na."
Hukad-panit-pabugnaw
"Mga bata, mangaon na kita."

Usap-tulon-panghupaw, usap-tulon-panghupaw
Lawas payat, ulo sa kapit-os naupaw
Limogmog sa tubig nga bugnaw
Kapit-os sa panginabuhi, sa tulog na lang ipahungaw.

"Kanus-a pa ideliber ang uway, Manggub?"
"Kung daghan nang pundo
Aron dili alkanse sa arkila sa trak ug sa biyahe."

Kaugalingon gihinuktukan
Kinabuhi unsay kapaingnan
Kapatagan tanan gipanag-iyahan
Lasang ug kabukiraan hulga kanunay giatubang.

Kagis-kagis-pauga, kagis-kagis-pauga
Adlaw sa pagbaligya hapit na
Ihap-ihap-bugkot, ihap-ihap-bugkot,
"Pila kaha ang akong malimpyo?"

"Ayo-ayo, Manggub,
Siguruha pagpalit: bugas, asin ug ginamos."
"'Tay, kendi! 'Tay, pan!"
Singgit sa mga batang nagdagan.

7/8- P 6.00. *Good* – P 22.00
Presyo pwerte kaubos
Dili paigo sa singot ug dugo
Sa matag adlaw imong gipatulo.

Kapitalista nagkatawa
Usahay sa pagkwenta ilaron ka pa
Presyo ug uban pang pagpanikas
Tiyan miburot sa pagpangilad.

"Nagdaku lang ang tiyan da
Morag alimatok nga busog
Tanan siya ang nagbuot
Wala na ba kaha kitay mahimo?"

Asawa sa nataran nagpahiyom
Mga bata naglukso-lukso sa kahinam;
"Unsa kaha ang dala
Sa pinalangga kung bana?"

Panginabuhi gihinuktukan
Kanus-a kaha makambyo ang kahimtang
Ang mangunguway ang magbuot
Sa presyo sa ilang abot?

"Maayong buntag!" tingog gikan sa gawas.
"Kami ang mga NPA," paila-ila sa usa.
"Pwede bang makadayon," matud sa hamtungon,
"Aron kita magkailhanay ug magka-estoryahay?"

Imong natuki ang imong kinabuhi
Kalambigit kini sa tibuok pinahimuslan
Kapitalista alimatok sa katilingban
Nagsalig sa kusog sa kadaghanan.

Tuk-tuk-tuk-tuk
Paspas nga pagpang-oryenta sa mga silingan
Pasabot, organisa ug pagpalihok
Kinahanglan aron damgo makab-ot.

Kauban ug masa ikwals panaghiusa
Lusong pakaylapon karon-karon dayon
Komunal sugdan na, produksyon padaghanon
Lokal nga ekonomiya palambuon.

Batan-on babaye ug mga hamtong
Tanan salmot sa produksyon
Lokal nga pagkaon tubagon
Sa kapitallistang kahakog dili na maulipon.

Garab-garab-ani, garab-garab-ani
Pagkaon matubag na dinhi
Hakot-ihap-bahin, hakot-ihap-bahin
Tiyan dili na magkutoy pirmi.

Kalambuan protektahan
Rebolusyon padayong iasdang
Hukbo ug masa hugot nga mag-uban
Hangtud sa pagkab-ot sa hingpit nga kadaugan.

# MASA

*SALIN*

Tiktilaok! Tiktilaok!
Oras na naman ng paggising
Lamig ay di inaalintana
Kabuhaya'y kailangang umpisahan.

Tinali ang itak sa beywang
Sinuot ang kamisetang puno ng mantsa
Pampalit na damit, tabako isinilid sa bulsa
Si Manggub pwede nang mag-upisina.

Maagang-maaga
Hamog sa kanya'y nakapandong
Binagtas ang ilog at mahirap na daan
Patungo sa upisina sa kagubatan.

Akyat-tingala, akyat-tingala
Hay! Napakatayog pa ng aakyatin
Upang mahabang uway
Makukuha, puputulin.

Hawan, hawan, hatak
Uway kukunan ng tinik
Hawan, hawan, hatak
Uway ay malinis.

Uupo sa bato
Bibilot ng konting tabako
Hithit, buga, hithit, buga
Nalunasan na ang lamok ng umaga.

"Pesteng linta 'to!
Naghahanapbuhay sa naghahanapbuhay!"
Lintang bundat sa pagkabusog
Hinila, tinadtad, inapakan.

3/8, ¼, 7/8, at *good*
Iba't ibang sukat lahat kukunin
Uway na naipon kailangang paramihin
Upang sa pamilya'y may mapakain.

Payat na mga bata
Sumalubong, umiiyak sa bintana
Hindi pa nakaluto
Huhukay ng kamote doon sa bukid.

"Tahimik na, mga bata
Kamote'y luto na."
Hain, talop, palamig
"Mga bata kakain na."

Nguya, lulon, buntong-hininga, nguya, lulon, buntong-hininga
Katawang payat, ulong nakalbo sa paghihirap
Magmumumog ng tubig malamig
Kahirapan ng buhay, nalilimot na lang sa panaginip.

"Kailan ba idedeliber ang uway, Manggub?"
"Kung ang pondo ay dumami
Upang hindi malugi
Sa renta sa trak at byahe."

Sarili'y nagmumukmok
Buhay saan patungo?
Lahat ng kapataga'y may nagmamay-ari
Sa gubat at bukid, pananakot laging hinaharap.

Kiskis, patuyo, kiskis, patuyo
Araw ng pagbebenta ay darating
Bilang, bilang, tali, bilang, bilang, tali,
"Magkano kaya ang aking kikitain?"

"Mag-ingat ka, Manggub,
Bigas, asin, bagoong, 'wag mong kalimutan."
"'Tay, kendi! 'Tay, tinapay!"
Sigaw ng mga batang nagtutulakan.

7/8—P6.00. *Good*—P22.00.
Grabe! Murang-mura ang presyo.
Hindi katumbas ng pawis at dugo
Na araw-araw ay pinapatulo.

Nakatawa ang kumprador
Kahit sa pagkwenta'y lolokohin ka
Pandaraya sa presyo at iba pa
Tiyan ay bumubundat sa panlalansi niya.

Malaki ang tiyan
Parang busog na linta
Siya lagi ang nasusunod
Meron pa kaya tayong magagawa?

Sa balkon, nakangiti ang kabiyak,
"Ano kaya ang dala
Ng minamahal kong asawa?"
Nagsisilukso sa pananabik ang mga bata.

Kabuhaya'y maiging pinag-isipan
Kailan kaya magbabago ang kalagayan
Na ang mangunguway na ang masusunod
Sa presyo ng kanilang pinagpaguran.

"Magandang umaga!" Boses galing sa labas
"Kami ang BHB," nagpakilala ang isa.
"Puwede bang tumuloy," sabi ng nangunguna,
"Upang mag-usap at magpakilala?"

Iyong nalaman na ang buhay mo'y
Kaugnay ng lahat na pinagsasamantalahan
Kumprador, linta ng lipunan
Nabubuhay sa dugo ng karamihan.

Katok, katok. Katok, katok.
Mabilis na nag-oryenta sa mga kapitbahay
Pagmumulat, pag-oorganisa, pagpapakilos
Kailangan upang pangarap ay maabot.

Kasama at masa ikwals pagkakaisa
Bayanihan/suyuan, ipalaganap ngayon din
Umpisahan ang komunal, produksyon paunlarin
Lokal na ekonomiya'y paunlarin.

Kababaihan, kabataan at lahat ng may kakayahan
Sumali sa produksyon, mga mamamayan
Lokal na pagkain ay sasagutin
Upang sa kumprador na hayok di na mapaalipin.

Gapas, gapas, ani. Gapas, gapas, ani.
Gutom ay maglalaho
Hakot, bilang, bahagi. Hakot, bilang, bahagi.
Tiyan dito'y di na kukulo.

Kaunlaran ay ipagtanggol
Isulong ang rebolusyon
Hukbo at masa mahigpit na magsama
Hanggang sa ganap na paglaya.

* Ang tula-dulang ito ay kolektibong nilikha ng mga Pulang mandirigma sa isang pagsasanay sa teatro.



# *Sanaysay*

# Ang Ngiti ni Nay Ida

*Marti Abril*



“TULOY, TULOY KAYO MGA KASAMA!” ISANG KILALANG-kilala at  malambing na boses ang sumalubong sa aming tim, habang hinuhubad ko ang aking bota sa may hagdanan ng bahay.

Nagdaop ang aming palad at ngiti ni Nay Ida.  Sabik na sabik na ako sa kanya.


Sa totoo lang, pinananabikan ko ang mga panunukso, kasiyahan at biro ni Nay Ida, na karaniwan na niyang ginagawa habang humihithit ng tresbe (tabakong hinihiwa at binibilot para gawing sigarilyo). Pero higit kong kinasasabikan ang mainit na tsokolate na lagi niyang inaalok sa amin tuwing kami'y magkikita.

Kung hindi ako nagkakamali, halos 50 taong gulang pa lamang si Nay Ida. Pero mas matanda siyang tingnan kaysa sa kanyang edad. Pinatanda si Nay Ida ng hirap ng kanyang kinagisnang buhay. Kinalakhan na niya ang pag-araro ng bukirin, o kaya nama'y paggapas at pagtatanim sa malalaking asyenda ng panginoong maylupa para lamang mabuhay.

Panahon pa ng dekada '70 unang naugnayan at namulat si Nay Ida at ang kanyang asawa na kamamatay pa lamang dahil sa sakit na TB. Pinaliwanagan at inorganisa sila ng mga kasama. Sa totoo lang, maraming kwento tungkol sa nakaraan si Nanay Ida, na magiliw niyang isinasalaysay kapag meron siyang nakikitang bagay o mukha na nagpapaalala nito sa kanya.

Katulad na lang nitong hagdanan. Ayon sa kanya, ginawa ito ng isang kasama, matapos na may madisgrasya at mahulog dito. Nakalimutan yata ng isang kasama na di pa pala tapos gawin ang kanilang hagdanan kaya hindi nag-ingat sa pagbaba. Kaya ayun, biglang lumusot sa siwang ng hagdan at nalaglag sa lupa. Bagamat nakakaawa ang kasama, hindi namin mapigilang humagalpak sa tawa sa tuwing ikinukwento niya ito!

Isinalaysay niya rin sa amin kung paanong walang-takot na hinarap nilang mga sakada ang isang panginoong maylupa para ipaglaban ang pagpapataas ng kanilang sahod. Dahil sa kanilang sama-samang pagkilos, naitaas nila sa P60-80 ang kanilang arawang sahod mula sa P40-50, noong unang bahagi ng dekada '80.



Matibay at aktibo ang organisasyong masa nina Nay Ida, partikular sa hanay ng kababaihan. Ang sabi nga ni Nay Ida, "Nagbago ang aking pagtingin sa mga bagay-bagay pagkaraang maorganisa ako." Sa kanilang mga pag-aaral, nailinaw sa kanya na ang tanging kasagutan sa kanilang mga problema bilang mga magsasaka ay ang pakikibaka laban sa mga kaaway sa uri, sa pamamagitan ng digmang bayan.

Responsableng aktibistang masa rin ang dalawang anak na lalaki ni Nay Ida. Mga kasapi ng samahan ng mga kabataan, at di nagtagal ay sumapi na sa BHB.

Bilang ina, natural lang na mag-alala si Nay Ida, pero nirespeto niya ang desisyon ng kanyang mga anak na ilaan ang buong panahon at buhay nila sa paglilingkod sa masa at rebolusyon.

Sa panahon ng lihis, namatay at naging bayani ang kanyang mga anak sa magkaibang labanan. Pero hindi ito nakapanghina kay Nay Ida. Sa halip, lalong tumindi ang kanyang tapang para labanan ang mga berdugong militar at ang mapang-aping amo nito.

Hanggang sa yugto ngayon ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto, hindi naglaho ang suporta at pag-aaruga ni Nay Ida sa kilusan at sa mga kasama. Higit pa, nakita niyang mas disiplinado ang Pulang Hukbo ngayon kumpara noong panahon ng disoryentasyon.

Mas humigpit ang kanyang kapit sa prinsipyo at tumaas ang kanyang tiwala't respeto sa pulang hukbo.

Anim na buwan na ang nakakaraan noong una kaming magkita ni Nay Ida. At sa unang pagkikita naming iyon, meron kaming di makakalimutang pangyayari. Panahon iyon ng aming Padepa (Pambansa Demokratikong Paaralan), at sa aming paglalakad patungo sa pagdarausan ng pag-aaral, dumaan kami sa isang ilog na malakas ang agos at madulas ang mga bato. Hinubad ni Nay Ida ang kanyang tsinelas dahil natakot siyang maanod ito. Sa kasamaang-palad, natangay ng agos ang kanyang tsinelas habang hinuhubad niya ito. Nabigla kaming lahat at napatingin sa tsinelas na mabilis na tinangay ng agos.

Naisip naming wala nang pag-asang makuha pa itong muli. Pero pinilit kong habulin ang tsinelas. Nakita ko kasing mababaw lang ang sapa, at kaya kong sundan ang lakas ng agos nito. At nahuli ko rin ang tsinelas ni Nanay Ida.

Pagdating namin sa kampo, tinuruan agad ako ni Nay Ida kung paano manabako ng tresbe. Marahil, ito ang kanyang naging paraan upang ipakita ang kanyang pasasalamat sa ginawa kong paghabol sa kanyang kaisa-isang pares ng tsinelas.

Pero hindi lang 'yon. Ipinagmalaki din ni Nay Ida na, "Sa hukbo ng sambayanan ko lamang inaalok ang pinakamaganda kong banig, pinakamasayang kwento at biro, kasama na ang pinakamasarap kong mainit na sikwate (tsokolate)!"


Umaagos na tulad ng tubig sa sapa ang pag-aaruga at pagmamahal sa amin ni Nay Ida. Nararamdaman ko ang init ng kanyang pagmamahal, tulad ng init na ibinibigay ng aking duyan 'pag ako'y hapung-hapo sa maghapong paglalakad.

Dala ko lagi ang dalisay at tamis ng mga karanasan at alaalang itinanim ni Nay Ida sa aking puso at isip. Dala-dala ko ito saan man ako pumunta, sa mga gawaing mabibigat at puno ng sakripisyo, at marahil, hanggang sa kamatayan.

Sa susunod na araw nga pala, pupunta na ulit kami sa eryang rekoberi. Mahirap na gawain ito. Pero sigurado akong mainit kaming tatanggapin ng masa, tulad ng pagtanggap at pagmamahal ni Nay Ida.

# Ilang Gintong Butil ng Pag-aalay

*Kolektibong isinulat nina Intang Arguelles, Joven Obrero,*
*Agos Verdadero at Ludwig Santos*




DAKILA ANG MARAMING PANGALAN SA REBOLUSyonaryong kasaysayan ng Timog Mindanao. Nananatiling buhay ang ilan, dahil sa mga yunit gerilya ng Bagong Hukbong Bayan na sa kanila ipinangalan. Ang iba naman ay kumikilos na lamang sa alaala ng masang kanilang pinaglingkuran. Sumagi man sa isip o mabaon na sa limot, ang mga bayani ng Timog Mindanao ay naikintal na sa kolektibong kamalayan na sumasaklaw sa mahigit tatlong dekada ng ating digmang bayan.

Ang magsulat tungkol sa mga bayani ng rehiyon ay pagsulat din ng kasaysayan ng pakikibaka sa Timog Mindanao. Isang maurirat na gawain kung kayat kailangang tumbasan ng kasinupan upang hindi lamang manatiling buhay ang alaala ng mga rebolusyonaryong martir, kundi upang ang kanilang pamana ay patuloy na uminog at maging bukal ng walang katapusang pagdaloy ng buhay at pakikibaka.

Magsimula tayo sa ilang kasamang ang naging buhay at kamatayan ay binigyang-pugay na ng rehiyon. Ang pagiging huwaran nila'y inspirasyon para sa atin na nagpapatuloy sa pakikibaka.

# Ka Perry

ULIRAN NA proletaryadong lider at mandirigma ng hukbong bayan. Ang buhay niya ay pagdiriwang na lubusang naisakatuparan sa loob ng digmang bayan.

Maykaya ang pamilya na kanyang pinagmulan. Si Ka Perry ay isang estudyante ng Fine Arts sa tanyag na Unibersidad ng Pilipinas. Naging kasapi siya dito ng elitistang Upsilon Sigma Phi, ang kapatiran na pinanggagalingan ng marami sa malalaking burukrata at naghaharing-uri, kabilang na ang pasistang diktador na si Ferdinand Marcos.

Kabilang si Ka Perry sa bagong henerasyon ng mga rebolusyonaryong iniluwal ng Unang Sigwa ng 1970. Habang nakalubog sa kilusang estudyante, siya ay lumahok sa gawaing pangkultura bilang myembro ng Panday Sining ng Kabataang Makabayan. Nag-organisa siya ng mga kapwa estudyante't artista, at pinalahok sila sa mga dula sa lansangan sa mga kilos protesta laban sa pasistang diktador. At dito, sa pagsasadula ng buhay ng malawak na masa, kanyang naisalig ang matatag na paninindigan.

Nang ideklara ni Marcos ang batas militar noong 1972, si Ka Perry ay nagpatuloy sa pakikibaka sa kilusang lihim sa kalunsuran. Pagkalipas ng dalawang taon, siya at ang kanyang asawa ay itinalaga sa Mindanao.

Sa kabundukan ng Timog Mindanao napanday si Ka Perry at namuno sa Front 3, isa sa pinakamaunlad na sonang gerilyang naitatag sa buong Mindanao noong panahong iyon.

Ang dokumentong *Ang Ating Mahihigpit na Tungkulin* (1976) ang naging teoretikal na gabay sa pagkilos ni Ka Perry. Mataman niya itong inilapat sa partikular na kalagayan ng larangan sa gitna ng malakas na palo at impluwensya ng maling linya na magbubunga ng malalaking kamalian sa hinaharap.

Ngunit dahil sa matimping pamumuno ni Ka Perry, ang Front 3 ay naging isang larangang maunlad sa iba't ibang linya ng gawain: sa gawaing masa, militar, medikal, at syempre pa, sa gawaing pang-kultura. Kaakibat ng pag-abanteng ito ay ang pagtatalaga ng mga kadre nila sa ibang larangan tulad ng Surigao del Norte, Dulong Timog Mindanao, at maging sa Bohol sa Kabisayaan.

Sinasabing nagniningning ang mga mata at lumiliwanag ang mukha ni Ka Perry kung siya'y nagsasalita. Laluna kung siya'y biglang bibigkas ng tula. O di kaya'y aawit, na laging nagpapasilay ng ngiti sa masa't mga kasama.

Noong 1983, pinamunuan niya ang pagbubuo ng Main Regional Guerilla Unit (MRGU) na sasaklaw ng Hilagang Cotabato at ng mga probinsya ng Davao.

Isang mahusay na kasama at kadre si Kasamang Perry. Kaya naman walang tigil siyang tinugis ng mga kaaway. Noong Pebrero 5, 1985, habang siya'y may isang mahalagang gawain sa Cebu, ang mga pasista ay nagkaroon ng pagkakataon. Tinadtad nila ng bala ang katawan ni Ka Perry. Siya'y 31 taong gulang lamang noon.

Upang manatiling buhay ang alaala, pamana at kabayanihan ni Ka Perry, ikinarangal ng BHB sa Timog Mindanao na dalhin ng panrehiyong kumand nito ang pangalang Merardo Arce Command.

## Ka Paking

KILALANG AKTIBISTA na si Godofredo Guimbaolibot, o Ka Paking/ Roel Agustin, nang siya'y sumampa sa Bagong Hukbong Bayan noong 1982. Siya noon ang kapitan ng barangay ng New Leyte sa Maco, isang bayan sa Davao del Norte. Dito matatagpuan ang North Davao Mining Company, isang kumpan yang nagmimina ng ginto. Dahil sa kanyang walang tigil na pagpupunyagi para sa interes ng mga

manggagawa't magbubukid, pinag-initan ng kumpanyang ito si Ka Paking at ang kanyang pamilya. Ang naiwang pagpipilian na lamang niya ay ang mamundok. "Tanging sa rebolusyon at armadong pakikibaka tayo tunay na makakapaglingkod sa masa," ang madalas niyang sagot sa mga nagtatanong kung bakit pinili niya ang mahirap na buhay ng Pulang mandirigma.

Bilang Pulang mandirigma, natutunan ni Ka Paking ang pakikidigmang gerilya sa loob ng MRGU. Siya'y naging upisyal sa administrasyon ng naturang yunit. Sa unang mga taon ng regularisasyon, nakipaglaban si Ka Paking sa maraming aksyong militar. Isang tampok na engkwentro nito ang nangyaring labanan sa pagitan ng BHB at ni Nonoy Frias, isang panatikong lider ng kultong pulahan. Sa naturang labanan, binasag ng asintadong si Ka Paking ang suhetibistang pagtingin ng ilang kasama sa kulto nang pabagsakin niya sa isang putok lamang ang kultistang lider.

Pero dumating ang pinakamatinding pagsubok kay Ka Paking noong 1986. Pinaghinalaan siyang ahente ng kaaway at pinauwi nang dahil sa Kampanyang Ahos. Dinanas niya ang pinakamasakit na paghamon sa kanyang rebolusyonaryong paninindigan at pag-unawa. Subalit hindi nawala ang tiwala niya sa mga kasama habang sinusubukan niya ang lahat ng paraan para malinis ang kanyang pangalan.

Paglipas ng dalawang taon, lubusang naunawaan ng mga kasama ang kanilang pagkakamali at mabilis na ibinalik si Ka Paking sa katayuan bilang panrehiyong kagawad ng Partido. Humingi ng tawad ang kanyang kolektibo, "Ipagpaumanhin mo kami, Ka Paking, dahil sa aming pagiging suhetibo at di makatarungan." At sa kanyang panig naman ay malumanay na nagpahayag si Ka Paking, "Ang pagtitiwala sa mga kasama at sa masa ang pinakamahalagang sangkap ng buhay ng Partido." At ang ganitong halimbawa ng pagiging bukas ay humimok sa maraming kasama na magpatuloy sa pakikibaka.

Mahusay at masinsin sa pag-oorganisa si Ka Paking, isa sa mga kadreng aktibong kumilos sa Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto sa Timog Mindanao. Sa kanyang mapanlikhang paggabay, nabawi ang mga sonang gerilyang dati'y nangawala, at ang kilusang magbubukid ay sumulong. Kilala siya sa kanyang *calibrated approach* sa pagsasagawa ng gawaing masa. Nangangahulugan

ito ng wastong pagtitimbang-timbang, ng pagiging kumprehensibo at malikhain sa paglalapat ng linyang pampulitika sa balangkas ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya.

Likas siyang magaling sa gawaing nagkakaisang prente, laluna sa paghawak sa mga alyadong madalas sumanggguni upang hilingang mamagitan, o gustong makipag-usap, o nais lamang makipag-ugnayan sa kilusan. Tumpak ang mga lumad na Mandaya sa pagbansag sa kanya bilang isang matandang pantas na laging handang tumulong sa paglutas ng kanilang mga problema. Tunay ngang mahusay lumutas ng problema si Ka Paking, na hindi nasisiyahan hanggat hindi makahanap ng tamang kasagutan sa mga usapin. Kaya isa siya sa nagsikap para mapalakas at maitaguyod ang institusyon ng rebolusyonaryong hukumang bayan sa rehiyon.

Wala rin siyang pagod sa pag-aaral. "Kailangang magpakahusay tayo sa panlipunang pagsisiyasat at pagsusuri sa mga uri!" ang himok niya sa lahat. Sa ganito, kahit na pinakabagong Armed Propaganda Team (APT) ay binabahaginan niya ng pinakamahuhusay na pamamaraan sa pagsasagawa ng gawaing masa. Si Ka Paking mismo ay nagpamalas ng kanyang matalas na pag-unawa sa umiiral na kalagayan at sa pagtitimbang ng pwersa. Ang kanyang kaalaman at laging pagtingin sa hinaharap ay naging napakahalaga sa pagbubuo ng mga patakaran at kapasyahan.

Napakamalumanay ni Ka Paking, kung kayat maraming kasamang nagnanais na makasama siya. Kahit na ang mga kabataang kadre mula sa kalunsuran ay kinagigiliwan siya dahil sa kanyang malalim na paggagap sa teoryang MLM, sa lokal at pandaigdigang kasaysayan, at sa mga kasalukuyang pangyayari.

Bilang isang maalalahaning asawa at mapagkalingang ama sa anim na anak, walang-sawa at walang-pagod si Ka Paking sa paglilinaw sa kanila sa mga rebolusyonaryong layunin ng kilusan. Patuloy na nagdurusa ang kanyang pamilya sa patuloy na pananakot ng pasistang militar. Noong 1997, dalawa sa mga anak niya ang sumapi sa BHB, at lubos itong nagpaligaya kay Ka Paking. Sa isang liham niya sa kanyang anak na si Ka Keno, buong pagpupuri niyang sinabing, "Ika'y malaki na nga, isang rebolusyonaryong hinubog ng iyong walang-humpay na paglilingkod sa mga inaapi't pinagsasamantalahan." At tunay

ngang nanindigan ang binatang rebolusyonaryo, hanggang sa ibinuwal siya ng mga kaaway noong Oktubre 23,1999. Ngunit si Ka Paking ay wala na sa panahon ng kabayanihan ng kanyang anak, na sumunod lamang sa kanya.

Noong Agosto 2, 1999, si Ka Paking at si Ka JR na isang medik ng BHB, kasama ang dalawang sibilyan, ay hinuli sa tsekpoynt ng 60$^{th}$ IB ng militar. Kinabukasan, natagpuan silang patay sa pambansang haywey sa Mawab, Compostela Valley. May mga tanda ng pagpapahirap at paglapastangan sa kanilang mga katawan.

Ang kamatayan ni Ka Paking ay yumanig sa buong rebolusyonaryong pwersa ng Timog Mindanao na nagbuhos ng dalamhati, galit at rebolusyonaryong alab. Sa kanyang libing, taas-kamaong nagpahayag para sa lahat ang isang kabataang kasama: “Ka Paking, dakilang rebolusyonaryo, ano pa ang aming magagawa o masasabi bilang pagpupugay na karapat-dapat sa iyo? Wala nang iba pa kundi ang panatilihing maningning at nagliliyab ang iyong alaala, sa aming taos-pusong paglilingkod sa sambayanan, sa patuloy na pakikibaka hanggang sa kahuli-hulihang hininga, hanggang sa tagumpay!”

# Ka Ingko

“WIDRO NA lang kayo, hindi na ako mabubuhay pa, ‘wag na kayong patali!” Ito ang pinakahuling katagang binitawan ni Ka Ingko matapos siyang tamaan sa tiyan ng tatlong bala ng M-14 sa isang ambus noong Nobyembre 17, 2000 sa bayan ng Talaingod, Davao del Norte.

Kahit na sa huling sandali ng kanyang buhay, ipinakita ni Ka Ingko ang pinakamataas na anyo ng sakripisyo—ang hindi pagbibigay halaga sa sarili sa harap ng kamatayan.

Isinilang si Ka Ingko noong Disyembre 11, 1965. Galing sa uring magsasaka, dinanas niya hindi lamang ang matinding kahirapan kundi pati na rin ang lungkot ng paghiwalay ng kanyang pamilya. Maaga siyang naghanapbuhay bilang tagahugas ng hulmahan ng tinapay sa

panaderya, *news boy* at *car washer* noong kabataan niya. Tumulong din siya sa pagsasaka sa lupa ng kanyang tiyuhin habang tinatapos ang elementarya.

Kahit natulak siya sa ilang panahon sa gawaing lumpen upang mabuhay, nagpursige siya sa pagsasaka para makapag-aral hanggang maabot niya ang ikalawang taon ng hayskul. Ayon sa kanyang asawa, "Sanay siya sa hirap at simpleng kalagayan, sanay na malayo sa magulang at kapatid, marunong dumiskarte sa buhay."

Sa gulang na 17, nag-umpisa siya sa pagkilos bilang kasapi ng grupong pang-organisa ng mga kabataang magsasaka. Noong 1987, nagpultaym siya sa Pulang Bagani Command. Nagsimula siya bilang medik. Pagkalipas ng isang buwan, nadeploy siya sa Djanggo Edilberto Canoy Command, ang dating yunit partisano sa lungsod ng Davao. Gumampan siya ng iba't ibang tungkulin: medik, tim lider, pinansya at lohistika, lider ng iskwad, hanggang sa kalauna'y naging bise kumander siya nito. Nang lusawin ang yunit noong 1991, pinamunuan niya ang ilang nanatiling partisano.

Noong 1993, kabilang si Ka Ingko sa namumunong komite ng lungsod ng Davao. Mula 1994 hanggang sa kanyang kamatayan, ibinalik siya sa bulubunduking bahagi ng lungsod at kumilos bilang isang kadreng pulitiko-militar. Nahuli si Ka Ingko noong 1995 sa isang baryo sa Davao del Norte, ngunit nakatakas agad.

Kung may kailanma'y hindi malilimutan ang mga kasama, ito'y ang pagiging mapag-aruga at pasensyoso ni Ka Ingko. Bata man o matanda, baguhan o matagal na sa kilusan, hindi siya namimili ng pakikitunguhan. Tahimik siya pero madaling makipagkaibigan dahil sa asal niyang kalugud-lugod at kasiya-siya. Ngunit hindi rin siya liberal pagdating sa punahan, at walang kasamang sumasama ang loob sa kanyang pagpuna na laging nasa lugar. At si Ka Ingko ay hindi lamang huwarang kasama. Isa rin siyang modelong magulang at asawa. Bilang ama ng dalawang batang lalaki, siya ang nag-aasikaso sa lahat sa panahong magkakasama sila ng kanyang pamilya.

Natagpuan ni Ka Ingko ang rebolusyonaryong landas sa panahon ng lihis. Pero isa siya sa mabilis na tumanggap ng malaking hamon na isakatuparan ang kilusang pagwawasto sa gitna ng maraming sakripisyo

at pagsubok. Hindi matatawaran ang  naitulong ni Ka Ingko sa pagsusulong ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon ng Timog Mindanao. Ito ay  nakaukit na sa isipan ng masa at mga kasama at sa kasaysayan ng demokratikong rebolusyon ng bayan.

> "Sa dibdib ng masang pinagsasamantalahan
> Inyong nakita ang tanglaw ng liwanag
> May pananalig sa dagundong ng mga tambol
> Sa martsa ng mga inaapi."
>
> - Roel Agustin

# Si Lyndon at Si Liam

*Agos Verdadero at Kasamang Adi*



Pumalahaw ng sigaw si lyndon, sabay igkas paakyat sa isang puno ng kape. Putlang-putla at nanginginig, lumundag siya ilang saglit pa mula sa puno at ikinasa ang isyung Garand.

Noon ko lang nakitang nagitla at nagalit si Lyndon nang ganun. Sa loob ng mahigit tatlong taon naming pagiging magkakolektib, marami-rami na ring reyd o aksyong depensiba ang kanyang naranasan at talagang wala pa akong maalala na naging ganun ang reaksyon niya. Kasi naman, ang mistulang sumalakay sa kanya sa pagkakataong iyon ay ang s'ya na nga yatang pinakakinatatakutan niya: ahas!

Sabihin na ngang sadyang palabiro ang mga kasama, kaya nga't dala ng katuwaa'y hinagisan nila ng patay na ahas si Lyndon, subalit minsa'y may mga birong hindi na nakakatawa. Mangyari pa, ang mga paminsan-minsang birong ito'y maaaring tukuying "inosenteng" ekspresyon o manipestasyon ng tagong diskriminasyon.

Sa ilang pagkakataon, ito ang nagiging paksa ng pagtatalo ng mga kasama. Kailan nga ba nagiging pagkutya ang biro? Bakit seryosong bagay, halimbawa, para kay Lyndon ang paghagis sa kanya ng ahas? O sa iba pang pagkakataon, masasabi din bang biro (sabihin pang pinalagpas naman ito ni Lyndon at tinawanan pa nga) ang imbes na gisingin siya nang maayos ay sukat ba namang kilitiin siya na naging dahilan tuloy ng paglagapak niya sa putik mula sa duyan? Sa madaling salita, gagawin ba ng mga kasama ang mga "kapilyuhang" ito kung si Lyndon ay hindi isang bakla?

Si Lyndon – nagmula sa uring mababang-panggitnang magsasaka at ulila nang lubos – ay isang baklang Pulang mandirigma. Noong 1998 lamang nagpasya si Lyndon na ipahayag sa mga kasama ang tungkol dito. Ito'y matapos ng mahabang panahon ng pagkukubli, ng masalimuot na pag-aalinlangan kung handa ba ang mga kasama at masa – at maging ang kanyang sarili – na tanggapin ang ganitong katotohanan.

Hindi simpleng personal na krisis ang pinagdaanan ni Lyndon bago siya lubos na magladlad. Humantong pa nga ito minsan sa pagtatangka niyang umuwi. Ngunit nang magpapaalam na siya sa mga lumad, natulala siya at naantig sa kanyang narinig: "Kung hindi ka pa kayang tanggapin nang lubos ng ilang mga kasama dahil sa iyong kasarian, tatanggapin ka namin." Hindi biro ang ganitong pagbibitiw ng salita ng mga lumad, lalung-lalu na kung iisipin ang lalim ng pyudal na katangian ng kanilang kultura. Pagpapatunay lamang ito ng kanilang lubos na pakikiisa at kahandaang umunawa at tumanggap ng mga bagay o kaisipang bago at rebolusyonaryo. At ito ang isa sa mga dahilan kung

bakit naririto pa ngayon sa rebolusyon si Lyndon.

Sadya ngang napalapit na si Lyndon sa mga lumad. Sino nga ba sa kanila ang hindi mapapalapit sa isang Pulang mandirigmang siya rin nilang magiting na guro? Isa kasi si Lyndon sa mga nangasiwa at namuno sa paglulunsad ng di lamang isa kundi limang paaralang "litnum" (literasiya at numerasiya). Para sa mga lumad, isang susi ang programang pang-edukasyong ito sa layunin nilang lumaya mula sa Kristiyanong sobinismo at sa pagsasamantala ng ilang negosyante. Kaya nga't kahit may banta pa ng pagkilos ng mga kaaway, sinusundo na ng mga lumad ang kanilang gurong si Lyndon sa kanyang posting para ihatid sa mapagpalayang paaralan.

Sadya ngang napalapit na si Lyndon sa mga lumad. May isang pangyayari pa nga na upang lalupang tumibay ang pagkakaisa ng Hukbo at masa, isa sa mga datu ang nagpahayag na ipapaasawa ang kanyang anak kay Lyndon. Kumplikado ang ganitong sitwasyon. Una, dahil bagama't iginagalang ng kilusan ang kanilang kultura sa pagpapakasal, hindi makatutugon dito si Lyndon sapagkat tungkulin ng Partidona ipaliwanag at isapraktika ang sarili nitong patakaran hinggil dito. Pangalawa, sa tradisyon ng mga lumad, isang malaking insulto na maaaring mangahulugan ng pagbabayad at maging ng kamatayan kapag hindi natupad ang ipinahayag ng isang datu. Sa kabila nito, hindi nag-alinlangan si Lyndon na harapin ang hamon na ito at ipaliwanag sa pinakamalinaw, naaayon sa prinsipyo at mapagkaisang paraan ang patakaran ng kilusan sa usapin ng pakikipagrelasyon at pag-aasawa.


Sadya ngang napalapit na si Lyndon sa mga lumad. Gaya ng pagkalapit niya sa akin at sa iba pang kasama – kabilang na dito ang ilan na hindi pa rin lubos na natatanggap ang kanyang pagkabakla. Isa na nga si Lyndon sa mga kasamang kapansin-pansin ang pagiging mapagkumbaba, simple, hindi makasarili, maunawain at matimpiin. Ang kanyang mga halimbawa ang patuloy na nagtuturo sa akin kung ano ang tunay na diwa ng paglilingkod sa masa, simpleng pamumuhay at puspusang pakikibaka. Kung may kasamang nangangailangan ng malong, ipahihiram niya ang sa kanya at titiisin ang matinding ginaw ng gabi; kung may nasiraan ng sapatos, huhubarin niya ang sa kanya at maglalakad nang nakayapak.

Ang kanyang pagharap sa mga kasalimuotan ng tuluy-tuloy na pagkilos, kasama na ang usapin ng pagtanggap ng kilusan at masa sa kanyang kasarian, ay di matatawarang inspirasyon sa akin at iba pang mga kasama upang higit pang magpakatatag sa rebolusyon. Hindi ko na kakolektib si Lyndon ngayon pero saulado ko pa ang kagiliw-giliw niyang payo sa akin nang minsang magkaugnayan kami sa radyo at dinaingan ko siya tungkol sa mga nararamdaman kong hirap: "Handa ka ngang tamaan ng sibat, di ba? Kaya mo 'yan. *Negative* na ako. Bye!"

SA PAGTATASA ng isang inilunsad na ambus, muli na namang napatunayan ang karaniwan nang tinutukoy na mga salik para sa isang matagumpay na opensibang taktikal. Nariyan, halimbawa, ang masinsing pagpaplano, ang pagkakaisa ng palabang diwa ng Hukbo, at ang tapat na suporta ng masa. Sa pagkakataong ito, napatunayan ding hindi sagka ang pagiging bakla ng isang rebolusyonaryo upang makapag-ambag ng kagitingan sa inilulunsad na matagalang digmang bayan.

Ilan nga lamang ang nag-akalang si Liam, isang kasamang maaaring tinuring na "mahina" ng karamihan dahil isa siyang bakla, ang isa sa mga nakapigil sa mga kaaway nang papaatras na ang mga kasama sa nasabing matagumpay na TO. Totoong katapangan, sabi pa ng mga kasama, ang kanilang nakita sa kanya.

Kasing totoo rin ng kanyang karaniwan nang napakalakas at nakakahawang tawa (sabi nga ng isang kasama, kita na ang *tonsil*!). Nasanay na nga ang mga kasama sa isang Liam na masayahin, palabiro, at paminsan-minsa'y pakembut-kembot. Maging ang usapin ng pag-aalay ng buhay sa rebolusyon ay kaya niyang ilahad sa isang magaan at kagiliw-giliw na paraan: kapag siya raw ay namatay, biro niya, siya raw ay nakangiti at nakataas pa ang mga kilay!



Mahigit apat na taon nang kumikilos sa kanayunan si Liam. Nagmula sa uring petiburges at nagtapos sa isang kilalang unibersidad, isa si Liam ngayon sa mga responsableng kasama sa Kawanihan sa Kultura

ng rehiyon. Dito niya namamaksimisa ang kanyang mga kakayahan sa panitikan at teatro. Sa katunayan, noon pa mang hindi pa siya pultaym sa kanayunan, isa na si Liam sa mga nagsulong ng rebolusyonaryong gawaing pangkultura sa patag, bilang organisador para sa lokal na ARMAS (Artista at Manunulat ng Sambayanan).

Bukod sa gawain sa sining at panitikan, napanday na rin ang kanyang kakayahan sa pagbibigay ng edukasyon, nang sa unang dalawang taon niya sa sonang gerilya ay naitalaga siya sa istap ng Kawanihan sa Instruksyon. Hinding-hindi makakalimutan ng naging mga mag-aaral niya – bukod pa syempre sa malalim niyang pagkagagap sa iba't ibang rebolusyonaryong paksa – ang kanyang napakasaya at mapanlikhang pamamaraan ng pagtuturo. Minsan, tinanong siya ng mga mag-aaral kung bakit "baka" ang anyo ng palitan sa kalakalan noong unang panahon. Ang sagot niya: "Isipin n'yo na lang kung tigre!"


Subalit hindi naman sa lahat nang panahon ay biro na lamang ang maririnig mula kay Liam. Sa isang kursong pampartido, halimbawa, na isa siya sa mga instruktor, naging madamdamin at seryoso ang kanyang paglilinaw hinggil sa mga bakla – bagay namang nakatulong nang malaki sa isang CO na makaigpaw sa mga reserbasyon niya sa pagkilala ng kilusan sa mga kagaya ni Liam.

Patuloy pa rin sa kasalukuyan ang ginagawang paglilinaw ni Liam sa iba pang mga kasama tungkol sa nabanggit na usapin; sa aktwal na talakayan man o kahit na mismo sa simpleng paggampan niya sa iba't ibang rebolusyonaryong tungkulin, kabilang na nga ang sa gawaing militar. Malaki ang kanyang pag-asa na sa gitna ng tuluy-tuloy na pagrerebolusyon para sa tunay na kalayaan at demokrasya, unti-unti na ring maiwawasto ang mga maling kaisipan tungkol sa mga bakla.

At syempre pa, gaya ng iba pang kasama – lalaki, babae, bakla, *tomboy* – ganun din ang pag-asa niya para sa isang rebolusyonaryong karelasyon. Ito'y isang karapatan na malinaw nang kinilala sa inamyendahang patakaran sa pakikipagrelasyon sa loob ng Partido, bagay na nagpapakita ng kalawakan ng pag-iisip at pagtanggap ng rebolusyonaryong kilusan.

# Teatro ng Masa

*Nico del Prado at Isaiah Labrador*



SENTRO! FREEZE! TABLEAUX! MGA TERMINO SA TEATRO na bago sa pandinig ng mga Pulang mandirigma na masiglang lumahok sa palihan na inilunsad ng mga kadre ng Kawanihan sa Kultura.

Katatatag pa lamang ng nasabing kawanihan. Kaya sa pag-uumpisa nito, halos lahat ay eksperimental mula sa kurikulum hanggang sa porma ng mga ipapalabas.

Unang naumpisahan ang nasabing aktibidad sa hanay ng masa at saka isinunod ang para sa mga Pulang mandirigma. Mahigit tatlong

buwang naglagi ang mga kasama at kadreng pangkultura ng rehiyon sa isang yunit mismo ng Pulang Hukbo. Nailunsad ang pagsasanay gamit ang mga karanasan sa hanay ng masa. Positibo ang naging epekto sa loob ng hukbo. Lalong tumibay ang pagkakaisa sa loob ng yunit at naging malikhain sila sa gawaing pag-oorganisa sa masa laluna sa eryang rekoberi. Naging mabisa din ang porma ng teatro sa kampanyang bayanihan at komunal.

Hinati sa tatlong bahagi ang bawat *workshop*. Ang unang parte ay kinapalooban ng mga batayang prinsipyong panteatro. Ang ikalawa ay hinggil sa kung paano magtanghal. At ang huli naman ay ang pagpapalabas sa mga karatig sityo o *community tour.* Sa aktwal na palabas, makikita ang bisa ng porma na ginamit, o sa ibang salita, ang epekto ng teatro sa manonood.

Tinitiyak na ang bawat palihan ay may ibinubungang pagtatanghal. Unang produkto na nga ang hinggil sa isyu ng pagmimina. Dito, hindi lamang naaliw ang masa  kundi nadagdagan ang kanilang pag-unawa sa kabulukan ng mga patakaran ng reaksyunaryong gubyerno sa usapin ng pagmimina.

Ang ikalawa ay tungkol sa militarisasyon at Comprehensive Agreement on Human Rights and International Humanitarian Law (CAHR-IHL). Nag-alab ang tapang ng masa nang kanilang malaman ang kanilang mga karapatan bilang sibilyan habang kanilang pinagtatawanan ang mga karikatura sa palabas.

Pero wala nang hihigit pa sa lahat sa pinakahuli at tampok nilang produksyon: ang isinadulang Maikling Kurso sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino. Ito'y mahigit isang oras na dulang-musikal ng kasaysayan at ng demokratikong rebolusyon ng bayan. Nagsilbing pinakapinale ng buong palihan ang musikal. Gustung-gusto ng masa at ng mga kasama ang palabas. Anupa't mas madali nilang nasasabayan ang iba't ibang kataga ng rebolusyon sa mga awiting katulad nito:

"Tulad ng isang pana
May buntot, katawan at sima
Ang DRB ay may tatlong sandata
Ang Partido, Armadong Pakikibaka
At Nagkakaisang Prente"

Tanging teatro ng masa ang isinagawang mga pagtatanghal. Maliban sa malapit sa puso nila ang nilalaman, ang bawat palabas ay isang kilusang masa mismo. Walang humpay ang mainit na pagsuporta ng masa: mula sa pagluluto, pagbibigay ng gulay at bungang-ugat, hanggang sa paggawa ng *props* at entablado at ang pagtitiyak sa seguridad. Higit sa lahat, ang pagpapaunlak ng mga magulang na maging artista sa pulang teatro ang kanilang mga anak.

Ang mga karanasang ito ang naghahawan ng daan at naglilinang ng sining para sa mas makulay at mas masiglang pagsusulong ng gawaing pangkultura sa rehiyon. Malinaw na ang gawaing pangkultura ay nakakatulong sa pag-oorganisa, pagmumulat at pagpapakilos ng masa. Kung kaya naman, naging likas na rin na sa bawat pagtatapos ng palabas ay may mga nagpapahayag ng kagustuhang sumampa sa BHB. Kaya naman, sa tuwina'y may naiiwang dakilang awitin, tula, ningning at kislap sa isip at puso ng masa at ng mga kasama.

Ganito ang kapangyarihan ng teatro ng masa. Hindi man kasing halaga ng iba pang gawain tulad ng pag-oorganisa at edukasyon, agraryong rebolusyon o armadong pakikibaka, ang teatro at iba pang gawaing pangkultura ay mga piyesang di maaaring mawala sa pag-andar at pagsulong ng buong rebolusyonaryong makinarya.



# *Mga Awitin*

# DRK (Demokratikong Rebolusyon sa Katawhan)

*GRUPONG LUTHANG*

```
Intro: Capo III ; Dm-C-Dm-C-Dm-C

    Dm        C
Susama sa  pana
 Dm                   C
Dunay ikog, lawas ug sima
 Dm         C
Ang DRK adunay tulo ka armas
 Dm            C
Ang Partido, Armadong Pakigbisog,
A7              Dm-C-Dm-C-A7
Nagkahiusang Prente

     Dm               C
Partido ang naggiya sa rebolusyon ta
  Dm                 C
Gunit niya ang abanteng teorya
   Gm                 Bb                    A
Kusog sa katawhan diha sa nagkahiusang prente
        Gm         Bb
Ang bul-og sa unos nga moasdang

  Dm                        C
Armadong pakigbisog pinaagi sa hukbo
     Dm                  C              A7     Dm
Pulitikanhong gahum sa nagpahimulos mahugno

   Gm              Bb        A7
Tulo ka armas sa atong pag-asdang
 Gm            Dm   A7     Dm
Tulo ka armas aron kita modaog!
(2x)
```

# DRB (Demokratikong Rebolusyong Bayan)

*Salin*

Tulad ng isang pana
May buntot, katawan at sima
Ang DRB ay may tatlong sandata
Ang Partido, Armadong Pakikibaka at Nagkakaisang Prente

Partido ang gagabay sa ating rebolusyon
Hawak niya ang abanteng teorya
Lakas ng mamamayan –dito sa nagkakaisang prente
Alimpuyo ng unos na lumalakas

Armadong pakikibaka, dito sa Bagong Hukbong Bayan
Pampulitikang kapangyarihan ng nagsasamantala'y
Ating ibabagsak

Tatlong sandata sa ating pagsulong
Tatlong makapangyarihang sandata—
Atin ngayon ang tagumpay!
(2x)

# Kamatuoran

*Kasamang Risa*

Intro: G-D-Em-G-C-D-G-D

G                    D               Em           G
Sama sa pagsidlak sa adlaw sa sidlakan
           C         Am     D
Sama sa pagtuyok sa kalibutan
   G          D                        Em        G
Sama sa paghilak sa nahimugsong bata
C                                  D           G-D
Kinaiyahan kini nga di mapugngan

Sama sa pagbul-og sa tubig sa sapa
Sama sa pagbugwak sa tubod sa kabukiran
Sama sa balod sa kabaybayonan
Kusog niini dili gyud mababagan

(Refrain)
E
Bisag taptapan pa ang mata
Am
Bisag sirad-an ang baba
D
Bisag sampungan pa ang dunggan
                    G
Mopatigbabaw ang kamatuoran
E
Bisag utok hugasan
Am
Bisag itipas pa ang dalan
D                    G              E
Itarong, itul-id ang tanan
         C               Em
Ang kamatuoran
                              Em
Gihuptan sa katawhan



```
            C                    D
Tungod kay ang kamatuoran
                G-D
Ay kamatuoran
```

Sama sa pagmata sa katawhan
Sama sa pag-asdang sa kalihukan
Sama sa pagkab-ot sa kadaugan
Katotohanan dili gyud hikapugngan
(balikan ang refrain)

## Katotohanan

*SALIN*

Tulad ng pagsikat ng araw sa silangan
Tulad ng pag-inog ng sanlibutan
Tulad ng pag-iyak ng bagong silang
Likas ito at di mapipigilan

Tulad ng agos sa ilog at batisan
Tulad ng bukal sa kabundukan
Tulad ng alon sa dalampasigan
Likas ito na di mahaharangan

(Koro)
Piringan man ang mata
Busalan man ang bibig
Takpan man ang tenga
Katotohana'y mananaig
Hugasan man ang utak
Ilihis man ang landas
Iwawasto, itutuwid ang lahat
Ang katotohanang
Hawak ng sambayanan

Dahil ang katotohanan
Ay katotohanan

Tulad ng paggising ng inang bayan
Tulad ng pagsulong ng kilusan
Tulad ng lagablab ng himagsikan
Katotohanan ay di mapipigilan
(balikan ang refrain)

# Kolektib Na Lang

*Nico del Prado*

Intro: G-Am-C-G(2x)

1.
G Am
Una kitang napansin
C G
Sa *megaphone* tinig mo'y tumataginting
G Am
*Agit* ka ng *agit*

C G
Puso ko'y napapa-*agit* mo rin
G Am
Lalapit na sana ako
C G
Upang magpakilala sa 'yo
G Am
Biglang may sumilbato
C G
Pulis! dini-*disperse* na pala tayo

(Koro)
Em Bm
Hinanap kita
Em Bm
Nagtanong sa kaibiga't kasama
C D
Sa kakukulit ko
C Dpause G G-Am-C-G(2x)
*Cell number* mo'y nakuha ko

2.
G Am
*Text* kita ng *text*
C G
Wala man lang *reply*

G Am
*Vinoice call* kita
C G
*"Subscriber cannot be reached"*

Koro:
Hinanap kita
Nagtanong sa kaibiga't kasama
Nag-RI ka pala
Tatlong buwang mawawala

3.
G Am
Ilang rali't martsa na
C G
Di ka pa rin nakita
G Am
Sulat ko'y na-*return to sender*
C G
Nagpalit ka pala ng koda

G Am
Ngayo'y *excited* ako
C G
Tiyak magkikita na tayo
G Am
RI ko'y matutuloy
C G
Sa larangang pinuntahan mo

Koro:
Hinanap kita
Nagtanong sa masa't kasama
Nasa District 2 ka pala
Di pa rin tayo nagkita



4.

```
  G             Am
Pag-asa'y di nawala
  C                  G
Dahil patuloy pa ang digma
   G              Am
Padepa'y malapit na
      C                     G
MLKMZ tuluy-tuloy na sana
```

Koro:
Hinanap kita
Nagtanong sa masa't kasama
Nauwi kang bigla
Sa malaria ay tinamaan ka

Tulay:

```
  Em               Bm
Naunsyaming pagkikita
 Em                 Bm
Nakakagigil at nakakasuya
      C                  D      G
Meron pang pulis at lamok, nagkaisa
 Em             Bm
Lubusang pagkakilala
C       D             G
Kolektib na ang bahala
```

(balikan ang koro)

# Nokoy Kaghimoon Ta

*Kasamang Paolo*

Intro: Em-Am-Em-Am-C-B

Nokoy kaghimoon ta
Digon ka ba diay padaug-daug
Ug sugot kiba
No ka kantan tano
No kabilin ug puroton

Panahon sa paghiusa
Makigbisog ki
Awoon ta ka gobyernong maruot
Ug sabuka ki tibo
No lumad
Woy kuno lumad
Apil kito bag-ong bagani
Atwan ta ka sundaloran

Apil kito rebolusyon!

# Ano Ang Dapat Nating Gawin

*Salin*

Ano ang dapat nating gawin
Tayong lagi na lang inaapi
Papayag ka bang
Agawin ang ating
Lupang ninuno?

Panahon na upang magkaisa
Tayo na at makibaka
Lansagin ang bulok na sistema
At tayo'y magtulungan

Mga lumad
At hindi lumad
Sumanib tayo sa bagong bagani
Gapiin ang pasistang kasundaluhan

Sumanib tayo sa rebolusyon!



# *Mga Kwentong Kusina*



## Pagkagat ng dilim...

TOK! TOK! Tok! Ilang minuto nang kumakatok ang mga kasama sa bahay ng masa. Tumatahol na ang mga aso. Madilim na ang gabi, at tahimik na tahimik.

"Naku, wala yatang tao. May masama kayang nangyari?" pangamba ng isang kasama.

Paalis na sana ang mga kasama nang biglang bumukas ang pinto. "Sus, patawarin ninyo kami," nakatawang bati ng mag-ina sa bahay.

"Bakit ho ang tagal ninyo?" nagtatakang tanong ng kasama.

"E, kasi, ayaw naming palampasin ang paborito naming drama. Nakadikit ang mga tenga namin sa radyo. Mahina na rin kasi ang baterya. "

## Kakanta ka ba?

"BAY, MAY bagong dating, NPA daw," anang isang preso sa kasamahan niya sabay turo sa kasama.

"Talaga?" wika ng mga preso na wari'y may paghanga dito.

"Hu, NPA, di ako naniniwala," tugon naman ng lider nila. Tumayo ito at lumapit sa kasama.

"Bay, NPA ka raw?" tanong ng lider ng mga preso.

"Oo," mahinang tugon ng kasama.

"Sige nga kung talagang NPA ka, kantahan mo nga kami ng kanta ng NPA," wika ng lider ng mga preso.

Di mapakali ang kasama. Wala siyang kabisadong kantang rebolusyonaryo. Masama pa, may pagkasintunado rin ito.

"A,e, wala akong alam na kanta," garalgal na sagot ng kasama.

"Sabi ko na nga ba, niloloko mo lang kami, hindi ka NPA!" wika ng lider na galit na galit.

"Pwede bang isipol ko na lang?"

Pinagbigyan ng mga preso ang kasama. At isinipol nga niya ang pinakasintunadong bersyon ng awiting "Internasyunal".

Mula noon, ipinangako ng kasama sa sarili na kabisaduhin ang mga kantang rebolusyonaryo para di na siya dudahan na totoong NPA at mabugbog sarado.

# Basbas ng masahista

HABANG MAY kasamang nagpapahilot sa isang matanda, humiling na gustong sumunod ang dalawa pang kasama. Nananabik na talaga ang dalawa na mahilot habang nanonood sa kasamang nauna.

Nang matapos ang paghihilot sa isa, biglang dinuraan ng manghihilot ang bumbunan nito. Pamahiin, 'ika ng manghihilot. Hindi na makaatras ang dalawa pang magpapahilot sana. Napapikit na lamang sila nang dinuraan din sila sa kanilang bumbunan.

Ano'ng magagawa nila, bilin ng masahista'y masamang maligo ang bagong hilot?

# Sino siya?

MAY KUMPRONTASYON ang masang magsasaka sa panginoong maylupa, at namamagitan ang mga kasama. Ito'y alitan sa hatian sa ani ng taniman ng prutas na *mangosteen*. Nagkakainitan na ng palitan ng mga salita.

"Amin 'tong *mangosteen*!"

"Akin 'tong *mangosteen*!"

"Hindi, amin 'tong *mangosteen*!"


"Teka!"

Napatigil ang lahat at tumingin sa kasamang kararating lamang.

"Naiintindihan ko na may problema," wika ng kasama. "Pero, teka muna, sino ba talaga si *Mang Gusting*?"



# *Komiks*


HULYO,2000. TRENTO, AGUSAN DEL SUR. MAY ILANG ARAW NA RIN NAMING BINA-BANTAYAN AT PINAG-AARALAN ANG KI-LOS NG KAAWAY.
MUKHANG MALALA NA ANG PROBLEMA NILA.
PARANG GUSTO NANG MAG-ALSA!




*PICOP- PAPER INDUSTRIES CORP. OF THE PHILS.



ANG MGA PLANO AT DESISYON AY KAILANGANG HARAPIN...
PWEDE NAMAN NATING IPAABOT SA KABILANG YUNIT ANG PLANO NILANG PAGBE-BENTA NG ARMAS.
PERO ABALA SILA NGAYON SA PAGSASANAY-MILITAR.
..PAG-ARALAN AT MASUSING SURIIN.
ISA PA'Y KAPOS NA TAYO SA PANAHON.
SA TINGIN KO'Y SEKUN-DARYO IYAN DAHIL HINDI GANYAN KADALI ANG KAKAYANAN NG KILUSAN SA USAPIN NG PINANSYA.
PERO ANO'NG MAGAGAWA NATIN? KAKAUNTI TAYO AT MAHI-HINANG KLASE PA ANG ATING MGA ARMAS.
HIGIT SA LAHAT, HINGIN ANG PANANAW AT MUNGKAHI NG MASA.
ITULOY NATIN MGA KAUBAN.
OO NGA KUYA, KAYA NATIN 'TO.
NASA LIKOD N'YO KAMI.
nasa
likod
nyo
kami



BUO NA ANG PASYA NG TEAM.
STOP
KATUWANG ANG MASA AT ANG MAAASAHANG MILISYA...
..WALA NG DAPAT MASAYANG NA ORAS.
NGAYON, KAILANGAN NANG ITULOY...
Ang mapagpasyang
DIS-ARMA
KWENTO NI: PASTON BAGANI★GUHIT NI: LEYLA BATANG


HANDA MGA KAUBAN! UMALIS ANG KANILANG C.O. KASAMA ANG DALAWA PA!
NGAYON NA, MGA KASAMA!
KASUNOD N'YO KAMI.



SCAA
GUSTO RAW KAYONG MAKAUSAP NG MGA NPA.
MAY KINALAMAN DAW ITO SA INYONG PROBLEMA.
CALOOY
KUNG HINDI RAW KAYO SASAMA'Y SILA ANG PUPUNTA DITO. NAPAPALIBUTAN NA NILA KAYO!
NALILITO AT KINAKABA-HAN, WALANG NAGAWA ANG APAT NA SUNDALO KUNDI ANG SUMAMA SA DALAWANG MILISYA.
ISA NA LANG ANG NAIWAN SA LOOB!


TAAS ANG MGA KAMAY AT 'WAG KANG KIKILOS NG MASAMA!
MGA GAMIT N'YO LANG ANG KAILANGAN NAMIN!
MABILIS AT TIYAK ANG AMING MGA KILOS.
ANG IBANG GAMIT, NASAAN?!
D-DITO SA LIKURAN...


LIMANG ARMALAYT, DALAWANG M-14, ISANG BAR, UNIPORME, RADYO AT MGA BALA- ANG GAAN NG AMING PAKIRAMDAM!
AYOS NA MGA KAS!


HINDI KAYO MAGU-GUTOM KUNG HINDI KAYO NAGPAPAGAMIT SA MILITAR.
MAGSIUWI NA LANG KAYO AT TUMU-LONG SA KAPWA N'YO MAGSASAKA.


NAGHIHINTAY NA SILA.







*"TAGUMPAY KUYA, WALANG PUTOK!"
**"TINGNAN N'YO, KAYA TALAGA NATIN."

# Ayos!




GUHIT NI YORI GAWANI




GUHIT NI KASAMANG LUNA

# Ang Mga Nag-ambag

Nasa panlarangang yunit gerilya si **Kasamang Valdez,** at naghahasa hindi lamang ng tabak ng digmaan kundi pati na rin ng pluma. Naggigitara rin siya, umaawit, at madalas pinatatawa niya ang masa at mga kasama.

Isang magaling na propagandista si **Ka Intang Arguelles**, at ikinaliligaya niya ang kanyang bolyum ng mga tula ng makatang komunista na si Pablo Neruda.

Masigasig si **Kasamang Adi** sa gawaing edukasyon at sa pagkilos sa isang larangang gerilya.

Kompositor, mandudula at mang-aawit si **Ka Nico del Prado,** at nagpapasaya siya ng mga kasama sa kanyang bibong pakikitungo.

Dating unyonista si **Kasamang Risa** at ngayo'y kumikilos na sa kanayunan. Bukod sa pagiging manunulat, isa rin isang kompositor, mang-aawit, at may tungkulin sa instruksyon sa rehiyon.

Si **Ka Joven Obrero** ay naghahain ng mga engrandeng ideya, mahihinahong tula at kwento, at maaanghang na pagkain. Abala siya sa gawaing propaganda at edukasyon.

Nakakapagsulat si **Ka M. Gerone Magbanua** ng kahit ano sa ilalim ng araw, maging sa gitna ng kaguluhan sa pagitan ng mga pag-aaral na pinanghahawakan niya.

Responsableng kadre ng isang larangan si **Ka Hasmin Silang** at nagsusulat sa mga bakanteng panahon mula sa usaping pamamahala hanggang sa gawaing pakikipag-alyansa.

Masaya si **Ka Karil Andres** sa kanyang pakikibaka, pag-ibig, pamilya, pagsusulat at pagtuturo ng mga rebolusyonaryong kurso sa rehiyon.

Dahil ang isang rebolusyonaryong hukbo ay hindi lamang pandigma, bagkus ay pangkultura rin, aktibo sa gawaing pangkultura ang Pulang mandirigmang si **Kasamang Umol**.

Hindi lamang siya titser ng Pulang paaralan, at tagadala ng bigas at M-14; tinatawag rin talaga ng mundo ng pag-arte at pagsusulat si **Ka Isaiah Labrador**.

Nakapagbuo si **Ka Ditan Dimase** ng serye ng mga tula, kabilang na ang "Duryan", habang nasa isang pag-aaral.

Ang tula ni Godofredo Guimbalibot, **Ka Paking**, ay isinulat at lumabas sa *Pasa Bilis,* pangmasang pahayagan ng rehiyon, ilang panahon lamang bago siya namatay noong Agosto 2, 1999. Inilalathala muli ito sa Ulos sa kanyang alaala.

Isang kadreng pulitiko-militar si **Ka Paston Bagani**, at siya'y nagsusulat sa pagitan ng mga taktikal na opensiba at iba pang mga gawain.

Tumutulong sa pagsasaayos ng *Pasa Bilis* at sa iba pang gawain ang manunulat na si **Ka Eman Pablo**.

Aktibo sa rebolusyonaryong kilusang kabataan-estudyante si **Ka Sali Jeremias**, kaya marahil ay bihira lang nakakauwi.

Si **Kasamang Paolo** ay masipag na rebolusyonaryong mang-aawit at nakapagpalabas na ng dalawang bolyum ng kanyang mga kanta.

Sina **Ka Agos Verdadero, Ka Marti Abril** at **Ka Ludwig Santos** ay mga *clone* ng ilang manunulat sa isyung ito. Hulaan niyo na lang kung sino, pero kung sila ang tatanungin ay malamang na hindi nila aaminin.

# Pasasalamat



Taos-pusong nagpapasalamat ang patnugutan sa Panrehiyong Kagawaran sa Edukasyon ng Timog Mindanao; sa Kawanihan sa Kultura; sa Kawanihan sa Instruksyon; sa *Pasa Bilis*; sa mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan; sa mga kasama't kadre ng larangang gerilya sa Diwata Mountain Range; at higit sa lahat, sa masang manggagawa, magsasaka at lumad, na malugod na kumalinga sa amin at tumulong sa pagsasagawa ng kasalukuyang isyu.

Ispesyal na pagsaludo kina Kasamang Joven Obrero, Isaiah Labrador, Intang Arguelles, Agos Verdadero, Karil Andres, Redentor Santiago, Hasmin Silang, Paston Bagani, Risa, Adi, Neng at mga istap ng larangan; kay Kasamang Risa sa pagsasalin; kina Kasamang Parts Bagani at Rilen sa mga tulong biswal; kina Kasamang Jesse, Lope, Anna Karenina, Lara Gerilya at Mithi Matibak sa pagsasaayos ng manuskrito; at sa lahat ng mga nag-ambag.

# Pagpuna-sa-sarili

Huli man at lahat, isinasama sa isyung ito ang mga komiks na "Ayos!" at "Simo", na aksidenteng natanggal sa Setyembre 2000 na isyu. Paumanhin rin sa ilang pagkakamaling tipograpiko o salin sa naturang isyu na nakalampas sa patnugutan, ngunit hindi sa mata ng mga kasama sa Silangang Kabisayaan. Maaasahan ng lahat ang patuloy naming pagsisikap na maiwasan ang mga naturang pagkakamali at maibigay ang pinakamahusay na makakaya.